PAHAYAG NG KANYANG PAGDATING

BANAL NA KASULATAN

BILANG 89 ... gayon din naman tayo'y makakalakad sa panibagong buhay -- Roma 6:4

Ang Tagumpay ay Nasa Atin Na

ni F. J. Huegel

"Ngunit salamat sa Diyos at lagi niya kaming isinasama sa parada ng tagumpay ni Cristo, dahil sa aming pakikipag-isa sa kanya. At sa pamamagitan naming ay pinalalaganap ng Diyos sa lahat ng dako ang mabangong halimuyak ng pagkakilala sa kanya" (2 Cor. 2:14).

"Magpasalamat tayo sa Diyos, sapagkat tayo'y binibigyan niya ng tagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo" (1 Cor. 15:57).

"Sa pamamagitan ng pagsuway ng isang tao, naghari ang kamatayan. Ngunit sa pamamagitan din ng isang tao, si Jesu-Cristo, ang mga taong pinagpala nang sagana at itinuring na matuwid ng Diyos ay maghahari sa buhay" (Rom. 5:17).

"Hindi! Sa lahat ng mga ito, tayo'y siguradong magtatagumpay sa pamamagitan niya na nagmamahal sa atin" (Rom 8:37).

"Tinanggap natin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos ang lahat ng bagay na magtuturo sa atin upang tayo'y mamuhay na maka-Diyos. Ito'y dahil sa ating pagkakilala kay Jesus, na siya ring tumawag sa atin upang bahaginan tayo ng kanyang karangalan at kabutihan. Sa paraang ito ay binigyan niya tayo ng mga dakila at napakahalagang pangako upang makaiwas tayo sa nakakasirang pagnanasa sa sanlibutang ito at upang makabahagi tayo sa kanyang likas bilang Diyos" (2 Ped. 1:3-4).

"sapagkat napagtagumpayan na ng mga anak ng Diyos ang sanlibutan; at nagtatagumpay tayo sa pamamagitan ng pananampalataya" (1 Juan 5:4).

Sa mga taong, alam ang kanilang mga pangangailangan, naghahanap at nakakapasok sa palagiang tagumpay, isang malaking tulong kapag naunawaan nilang hindi sila naghahanap ng bagay na wala pa sa kanila. Kung natawag nila ang pangalan ni Hesus nang may tunay na pananampalataya at sumuko sila sa kanya, kinoronahan Siyang Panginoon ng kanilang buhay, bilang mga Kristiyano ginawa silang mga hari at saserdote ng Diyos (Pahayag 1:6), sila ay may karapatang maghari. Kung nabigo silang maghari, ito ay sa dahilang hindi nila ginagamit ang kanilang mga karapatan.

Kumpleto kay Kristo

Hindi na kailangan pang ipagdiinan nang husto na ang lahat ng Kristiyano ay makatatanggap ng parehong maluwalhating pamana. Tinanggap nila si Kristo, kaya't ang lahat ng bagay ay napasakanila sapagkat sila ay nakay Kristo. Sila ay ganap o kumpleto sa piling ni Kristo. Sa pamamagitan Niya, sila ay naitayo, at kasama Niya nakaupo sila sa makalangit na lugar. (Efeso 2:5-6). Kasama Niya, namatay sila sa kasalanan at nabuhay para sa Diyos (Roma 6:11). Si Kristo ay napasakanila bilang kanilang Diyos, bilang karunungan, katuwiran, kabanalan at kaligtasan (1 Corinto 1:30). Hindi na maaari pang mahigitan na mapasainyo ang mga bagay na nasa inyo na. Noong ibinigay ng Diyos sa atin si Kristo, ang Kanyang Banal na Anak, upang maging buhay natin, at upang ang hindi mabigkas na regalong ito ay maging laan sa lahat na nagnanais tumanggap nang may pananampalataya at kinikilala ang mga sarili bilang naliligaw na makasalanan na nangangailangan ng handog, hindi Niya ito ginawa nang may pag-aalinlangan. Ang regalo ay sa atin na buong-buo, hindi lamang bahagi. Ibig sabihin, hindi nakahihigit ang presensiya ni Kristo kay Pablo kaysa sa mahirap na lasenggero na nakarinig ng Mabuting Balita kahapon lamang at siya ay nagsisi, naniwala, tumanggap kay Kristo bilang Kanyang Tagapagligtas, at nabuhay namuli.

Ibig sabihin, walang pagkakaiba ang ***judicial standing*** ng mga Kristiyano sa harapan ng Diyos. Sa pamamagitan ng kanilang ***judicial standing,*** ang posisyong ipinagkaloob na sa kanila ng Diyos sa pamamagitan ng kanilang pagtanggap sa napakagandang regalong ito na si Kristo ay matatagpuan lamang sa Kanya. Sinasabi Niyang ang kanilang kalagayan at katayuan ay katulad ng katayuan ng Kanyang Anak na si Hesus na tunay na nagpakilala at nakipamuhay kasama ng sangkatauhan at ano man ang Kanyang danasin bilang Anak ng Tao, ay dinanas Niya bilang Kinatawan ng Tao at magkagayon, dadanasin din ng lahat na nakibahagi sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya. Ipinako Siya kung kaya't ipinako din ang tao *("ang ating lumang nilalang ay ipinako kasama ni [Kristo],"* Roma 6:6). Namatay Siya kung kaya't namatay din ang tao *("... kayo ay mga patay,"* (Colosa 3:3). Inilibing Siya kung kaya't inilibing din ang tao *("...inilibing tayo kasama Niya... sa kamatayan,"* (Roma 6:4). Ibinangon siya kaya ibinangon din ang tao *("Pinabilis ng Diyos ang ating pagkilos kay Kristo at ibinangon Niya tayong sabay-sabay,"* Efeso 2:6). Umakyat Siya, aakyat din ang tao *("... at sama-sama tayong pinaupo sa makalangit na lugar kasama ni HesuKristo,"* (Efeso 2:6). Ito ang ***judicial position*** sa harapan ng Diyos-- napasakanya sa pamamagitan ng hindi mananakaw na karapatan; isang karapatan na sa isang aspeto, ay hindi naiiba sa karapatan na katulad mismo ni Kristo. Isang karapatan na hindi naiiba sapagkat si Kristo at ang mga mananampalataya ay iisa. *"Sapagkat Siya na nakasama sa Panginoon ay iisang espiritu"* (1 Corinto 6:17).

Kulang sa Appropriation

Ang problema ay hindi lahat ng mananampalataya ay nakauunawa sa kanilang tunay na katayuan kay Kristo. Hindi nila inaangkin ang kanilang mga pag-aari. Hindi nila ginagampanan ang kanilang mga karapatan. Hindi nila isinasapera ang kanilang mga tseke. Ang deposito ng mga espirituwal na kayamanan ay na kay Kristo at nasa kamay ng mga mananampalataya sa banko ng langit. Hindi lamang ito nagaganap sa pamamagitan ng isang mapangahas na pananampalataya na, bagama't itinatanggi ang kawalang halaga ng nilalang, inilagak ang sarili sa awa ng Diyos kay Kristo at gumawa ng napakaraming kahilingan sa banko ng langit. Madalas sinusukat nila ang kanilang moral at espirituwal na magagawa sa pamamagitan ng kanilang sariling kakayahan at lakas, na bagama't nagbibigay nga ng lugar kay Kristo ito'y napakaliit lamang. Hindi pa nila natututuhang magsabi na kasama ni Pablo, *"Magagawa ko ang lahat ng bagay sa pamamagitan ni Kristo na nagbibigay sa akin ng kalakasan"* (Filipo 4:13). Madalas silang kumilos o gumawa sa kalagayan na pang-natural. Hindi pa nila nauunawaan na walang saysay ang natural sa harap ng napakalaking kaguluhan laban sa kasamaan. Hindi pa nila lubos na nauunawaan ang kahulugan ng mga Salita ng Tagapagligtas kung saan sinabi Niyang walang kabuluhan ang laman. Hindi pa sila nakatayo sa kinatayuan ni Pablo nang umiyak siya at nasambit na, *"Alam ko na sa akin (sa aking laman), walang mabuting bagay na nananahan"* (Roma 7:18). Hindi pa nila nauunawaan na ang kanilang "mabuting" sarili na hindi pa naitatanggi ang siyang nagiging dahilan ng kanilang pagkatisod. Handa silang maipako ang kanilang "masamang" sarili, at hindi nila naiisip na ang mabuting "sarili" ay mas mapaglaro, at ang "sarili" at tagumpay ay hindi mapapasa atin hangga't hindi pa naipapako ang buong "sarili" sa Krus katulad nang sinasabi sa Roma 6.

Paniwalaan ang Sinasabi ng Diyos

Inuulit ko, ang Kristiyano na nagutom at nauuhaw para sa katuwiran, katuwiran ng palagiang tagumpay, ang tipo na kaya ko lahat at napagtagumpayan na, ay hindi naghahanap ng bagay na wala pa sa kanya. Sa katotohanan, hindi na maipagkakaloob pa ito ng Diyos nang higit pa kaysa sa kalagayan niya ngayon kung saan nasa kanya na ito. Sa banal na bahagi, ito ay naganap na. Wala tayong mararating kung titingnan lang natin ang ating mga sarili. Walang ibang inaasahan ang Diyos sa sarili kundi ito ay maipako, na sa katotohanan ay naipako na. Hindi tayo tinawag bilang mga Kristiyano upang mamatay sa kasalanan; sa halip ay makita natin ang katotohanan na namatay tayo sa kasalanan sa pamamagitan ng kamatayan Niya na sa Krus ng Kalbaryo ay tumapos sa lumang nilalang, na sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli ay babangon ang bago. Ang ating lumang tao ay ipinako kasama ni Kristo, at dahil sa katotohanang ito itinuring natin ang ating mga sarili na patay sa kasalanan at buhay sa Diyos (Roma 6:11). Ang pagtuturing na ito ay hindi nagbunga ng ganitong katotohanan, bunga lamang ito ng katotohanan.

Ang pamantayan ng Diyos ng tagumpay *("salamat sa Diyos, na kumikilos upang tayo ay magtagumpay")* ay tila hindi maabot para sa napakaraming mga Kristiyano, isang layunin na hindi kayang abutin dito sa lupa, gaano man katindi ang pagnanasa dito dahil sa simpleng kadahilanan na hindi sila handang maniwala sa kung ano ang sinasabi ng Diyos tungkol sa bagay na ito o gawin ang ano mang bagay na sinasabi ng Diyos na dapat gawin. Paano nila ituturing ang kanilang mga sariling patay sa kasalanan at buhay sa Diyos ayon sa Roma 6:11 (ang Kristiyanong batayan ng isang matagumpay na posisyon), samantalang hindi pa ito nangyayari? Sa pakiwari nila kailangan nilang maging tapat. Ang sabihin ang ganitong bagay ay isang kasinungalingan. Paano nila ituturing ang kanilang mga sariling patay sa kasalanan at buhay sa Diyos samantalang tila ang lahat ng himaymay ng kanilang laman ay tumutugon sa kasalanan, samantalang alipin pa rin sila ng sanlibutan, at ang diyablo, sa maraming aspeto, ay patuloy na siyang hari.

Ngunit sila ay mali. Hindi hiningi ng Diyos na ayunan nila ang isang bagay na maari nilang paniwalaang totoo dahil lamang sa naramdaman nila at nakita ito. Hindi lamang ito ang katotohanan. Ito ay katotohanan dahil sa walang hanggang konseho ng Diyos. Ito ay katotohanan dahil sa banal na ekonomiya ng pagtubos. Ito ay katotohanan dahil sa pagkakumpleto na dala ng Anak ng Diyos sa Krus ng Kalbaryo. Ito ay katulad ng kanyang kambal na katotohanan; at ito ay sapagkat dinala ng Kristong Panginoon ang mga kasalanan sa Kanyang katawan sa Krus. Hindi ito nagiging katotohanan dahil sa naramdaman ito o dahil sa pinaniniwalaan ito. Ito ay katotohanan sapagkat noong namatay nang isang nakahihiyang kamatayan ng isang alipin at isang kriminal sa isinumpang Puno sa Golgotha ang pinagpalang Manunubos, sinabi ng Diyos sa Kanyang banal na Salita na ito ay nagaganap upang alisin ang kasalanan ng sanlibutan. Kapag naniwala ang isang makasalanan at naligtas, hindi niya ginawa ang katotohanang ito; siya ay humahawak lamang sa katotohanang naitatag na mula pa noong nilikha ang sanlibutan kung saan katulad ng nasasaad sa Pahayag, ang Tupa ng Diyos ay isinakripisyo. Ang Kalbaryo ang nakikitang pahayag ng katotohanan na naitatag na sa pamamagitan ng eksaktong konseho at kaalaman ng Diyos.

Tanggapin ang Tagumpay

Ganito din ang kambal na katotohanang ito ng Krus na masidhing ipinapahayag sa lahat ng sulat ni Pablo. *"Ang ating lumang sarili ay naipako kasama ni [Kristo]." "Ikaw ay patay na at ang iyo ang buhay ay nakatago kasama ni Kristo sa Diyos." "Ako ay naipako kasama ni Kristo; gayunpaman ako ay nabuhay; ngunit hindi ako kundi si Kristo na nabubuhay sa akin..."* (Galatia 2:20). Sinabihan tayo na ito ay isang katotohanan noong nanaghoy sa napakalakas na tinig ang Tagapagligtas noong Siya'y nasa Krus, *"Tapos na"* (Juan 19:30). Hindi lamang ang kasalanan ang nahusgahan; ang kasalanan bilang isang prinsipyo ay nahusgahan din (Roma 8:3). Ang prinsipyo ng kasalanan sa iyo at sa akin ay naipako. Wala kang mararating sa puntong ito ng tagumpay hangga't hindi ka naniwala. Hindi mo pipiliting dayain ang iyong sarili na maniwalang patay ka nga sa kasalanan at buhay sa Diyos, samantalang ang karanasan mo at nakikita sa iyo ay nagpapahayag ng taliwas dito. Sinabihan kang ituring mo ang iyong sariling patay sa kasalanan sa pamamagitan ni Kristo sapagkat sinabi ng Diyos na hinusgahan na Niya ang kasalanang-prinsipyong ito na nasa iyo (ang ating lumang sarili ay ipinako na) noong namatay ang Manunubos sa Krus ng Kalbaryo. Nasa iyo na ang tagumpay kung ikaw ay isang Kristiyano, ngunit kailangan mong tanggapin ito sa paraan ng Diyos at ayon sa Kanyang proseso.

Halaw sa *Forever Triumphant* ni F. J. Huegel. Copyright 1995 ng Zondervan Publishing House. Ginamit ng may pahintulot ng Zondervan. www.zondervan.com

Upang ang Presensiya ni Kristo ay Lumago sa Ating Buhay

Ang Bibliya ay nagsasaad ng mga nakamamanghang pangungusap patungkol sa kung paano ang ating mga buhay ay mapupuno ng Persona at katangian ng Kristo. Kapag nanahan tayo sa Kanya at Siya sa atin, nagiging buhay tayo sa espiritu (Juan 15:4-5: Roma 8:10). Nakakakuha tayo ng kalakasan para sa lahat ng bagay habang ang Kanyang kapangyarihan ay nananahan sa atin at malakas na kumikilos sa atin (2 Corinto 12:9; Filipo 4:13; Colose 1:29). Habang nananahan Siya sa ating mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, natututuhan natin ang Kanyang pag-ibig at napupuno tayo ng Kanyang kabuuan at ng bunga ng katuwiran na dumarating sa pamamagitan Niya (Efeso 3:17-19; Filipo 1:11). Hindi lamang tayo maaaring mapuno Niya, maaari rin tayong malukuban ng Panginoong Jesu-Cristo at maging kabahagi Niya (Roma 13:14; Hebreo 3:14).

Ang ganitong mga katotohanan ay mas nagiging kamangha-mangha kapag isinapuso natin kung sino si Kristo. Siya ang kaliwanagan ng luwalhati ng Diyos at sa Kanya nananahan ang kabuuang pagka-Diyos (Hebreo 1:3; Colose 2:9); Siya ang Maylikha at May tangan ng lahat ng bagay (Col. 1:16; Heb 1:3); Siya ang pinakamakapangyarihan at nasa Kanya ang lahat ng pamamahala (1 Cor. 1:24; Mateo 28:18); Siya ang pinagmumulan ng kaligtasan at tagumpay (Hebreo 5:9; Juan 16:33); Siya ang karunungan, katuwiran, kabanalan at pagtubos (1 Cor. 1:30);

(Sundan sa pahina 2)

...Lumago sa Ating Buhay

(Mula sa pahina 1)

Siya ang May-akda at Kaganapan ng ating pananampalataya (Heb. 12:2); Siya ang Nagiisang Banal, Tapat at Katotohan (Gawa 3:14; Pahayag 19:11);
Siya ang buhay at liwanag (Juan 1:4-5); Siya ay puno ng biyaya at katotohanan (Juan 1:14) at ang Kanyang pag-ibig ay higit pa sa kaalaman (Efeso 3:19). Siyempre, ang ganitong mga paglalarawan kay Kristo ay maaari pang magpatuloy!

At ang katotohanan dito ay, si Kristo ang ating buhay! (Col 3:4). Ibig sabihin nito nasa atin na ang lahat ng ating kakailanganin-- o ang Isang kailangan natin-- upang mabuhay ng isang buhay na nakalaan lamang para sa biyaya ng Diyos. Sa pamamagitan ng pakikiisa kay Kristo, nasa atin ang lubos na kakayahan upang maiwaksi ang lumang sarili at maisuot ang bagong sarili. Maaari nating talikuran ang buhay ng kasalanan, at yakapin ang buhay kay Kristo. Dahil sa Kanyang Persona at kapangyarihan na kumilikos sa atin, ang ating mga buhay ay maaaring mapuno ng Kanyang katuwiran, Kanyang katapatan, Kanyang kalinisan, Kanyang kahabagan, Kanyang pagiging mapagpatawad, Kanyang pag-ibig, Kanyang kapayapaan, Kanyang kabutihan, Kanyang pagiging mapagpakumbaba, Kanyang pagmamahal, Kanyang sinseridad, Kanyang pagpupunyagi, Kanyang kagalakan, Kanyang tagumpay, Kanyang katatagan, Kanyang kasidhian, Kanyang lakas, Kanyang pagkakaroon ng kontrol sa sarili; Kanyang pagiging masunurin, Kanyang kabutihan, Kanyang pagiging pasensyoso, Kanyang pagiging simple, Kanyang mabuting gawa, Kanyang katapangan, Kanyang pananampalataya, Kanyang pagiging maunawain, Kanyang buhay, Kanyang biyaya, Kanyang debosyon, at muli, walang katapusan ang listahan.

Hindi lamang mayroon tayong potensyal para mapuno ang ating buhay ng buhay, katangian, at mga gawa ni Kristo, isa din itong maluwalhating pagtawag na kailangan nating gawin—*"Sapagkat lahat nang Kanyang kinilala, inilaan Niya ring maging kawangis ng larawan ng Kanyang Anak..."* (Rom. 8:29). Ang ating mga buhay ay dapat na maipamuhay para sa *"kapurihan ng Kanyang kaluwalhatian"* (Efeso 1:12). Ang pagnanasa ng Diyos ay mapangunahan tayo sa tagumpay kay Kristo at upang maipahayag *"sa pamamagitan natin ang matamis na samyo ng Kanyang karunungan sa lahat ng sulok. Sapagkat tayo ang mahalimuyak na bango ni Kriso sa Diyos para sa mga inililigtas at doon sa mga taong mamamatay"* (2 Cor. 2:14-15).

Siyempre, upang lumago si Kristo sa ating mga buhay, kailangan nating bumaba (Juan 3:30). Kailangan nating itanggi ang ating mga sarili, kunin ang ating mga krus at sumunod sa Kanya (Mat. 16:24). Kailangan nating mapako kasama ni Kristo upang hindi na ikaw at ako ang mabubuhay, kundi si Kristo na nasa atin (Ga. 2:20). Nawa'y sa biyaya Niya tayo ay mabawasan upang Siya naman ang lumago at maitaas! - Rich Carmicheal

Panginoon, ipinapahayag ko na nitong mga huli, natukso akong sumuko. Tumindi ang mga sitwasyon sa aking buhay, at dumating ang mga kaisipan sa akin na huwag nang magpatuloy. Patawarin Ninyo ako sa pag-iisip nang ganoong mga kaisipan.

Panginoon Hesus, nakatuon lamang ako sa halimbawang ipinakita Mo. Sa kabila ng pagharap sa pagpako, tinigasan Mo ang Iyong mukha sa pagtungo sa Jerusalem, ang lugar kung saan Mo haharapin ang pagtataksil, pasakit at kamatayan. Sumasapi ako sa Iyo ngayon sa pagpapatigas ng aking mukha at kumilos ng pasulong sa mga layunin ng Diyos. Salamat po sa pagbibigay Ninyo sa akin ng kalakasan at ng biyaya upang kumilos nang pasulong. Tumitingin ako Sa iyo, ang May-akda ng aking pananampalataya, at ipinapahayag ko ngayon na kikilos ako ng pasulong nang may pagpupunyagi.

Inilalagay ko ang lahat ng mga kalagayan at kinakaharap ko ngayon sa Inyong mga kamay. Ikaw na ang bahala sa kanila, Panginoon. Ang kailangan ko lang gawin ay kumapit sa Iyo at sumulong sa Inyong kalooban. Ito ang aking pahayag: Kumikilos ako nang pasulong sa Inyong kalakasan at sa Inyong biyaya. Amen.

Karagdagang Inspirasyon

Narinig ng Panginoon ang iyong pahayag, at tapat Siyang kikilos at tutulong sa iyong ipinahayag. Narinig din ng kalaban ng iyong kaluluwa ang iyong ipinahayag, at ang kanyang pagtutol ay titindi. Huwag kang tumigil; magpatuloy ka. Hayaan mong ang iyong patotoo ay maging katulad nang kay Gideon at ng kanyang mga tao. Magpatuloy ka sa pagsulong-- *"napapagal ngunit nagpapatuloy"* sa kalooban ng Diyos sa iyong buhay. Makatitiyak ka sa tulong ng Panginoon para sa iyo habang pinapatatag mo ang iyong sarili na magpatuloy.

Ngayon, panahon na para tayo sumulong nang may bagong kalakasan ng loob. Sa pagsasama natin, Itutuon natin ang ating mga mata sa May-Akda ng ating pananampalataya, na tiniis ang pagkalaban at pagpapahirap sa kamay ng mga lalaking hindi natitinag o tumitingin sa kanan o kaliwa.

Halaw mula sa liham ni Dick Leggatt, Presidente ng DPM-USA. Ginamit nang may pahintulot ng Derek Prince Ministries-Usa. www.derekprince.org.

Republic of the Philippines
PHILIPPINE POSTAL CORPORATION
National Capital Region
Lawaan Building
1000 Manila

SWORN STATEMENT

ADDRESS

Editor
Managing Editor ... EVA G. SARMIENTO
Business Manager ... ZENAIDA A. SARMIENTO
Owner ... TAGALOG HERALD INTERNATIONAL
Publisher ... TAGALOG HERALD INTERNATIONAL
Printer
Office of Publication ... TAGALOG HERALD INTERNATIONAL

If publication is owned by a corporation, stockholders owning one percent or more of the amount of stocks

Bond Holders, mortgagees or other security holders owning one percent or more of the total amount of

In case of daily publication, average number of copies printed and circulated of each issue during the preceding month of
1. Sold to paid subscribers
2. Sold to others than paid subscribers
Total

In case of publication other than daily total number of copies printed and circulated at the last issue day
1. Sold to paid subscribers
2. Sold to other than subscribers
Total

ZENAIDA A. SARMIENTO
Signature

OFFICE MANAGER
Designation

SUBSCRIBED AND SWORN TO before me this ... day of ... 2017 at ... City of ... Philippines. Affiant exhibiting to me his/her Community Tax Certificate No. ... issued at ... on ...

Huwag Tumigil; Magpatuloy Ka

ni Dick Leggatt

Natukso ka na bang tumigil? Itapon ang tuwalya at tumigil na sa pagpupunyagi o pagkilos ng pasulong? Kung gayon, hindi ka nag-iisa. Nitong mga huli, nakikipag-usap ako sa ilang mga Kristiyano na nakakaramdam din ng gayon. Ang kaaway ng ating mga kaluluwa ay tila gumagawa nang husto nitong mga araw upang pahinain ang kalooban ng mga banal at pigilan ang kanilang pagkilos ng pasulong.

Nakatutulong bang malaman mo na hindi ka nag-iisa sa pagharap sa ganitong mga sagabal? Na hindi lamang ikaw ang natuksong tumigil? Inaasahan kong ang liham na ito ang magkukumbinsi sa iyong labanan ang pagtatangka ng kaaway na ikaw ay pasukuin. Sa katunayan, hangad ko na ikaw ay makaramdam ng kaginahawahan sa pamamagitan ng mga sinasabi ko-- maging sa punto na patatatagin mo ang iyong sarili at magkakaroon ng panibagong pagpapasya na magpatuloy sa pagkilos ng pasulong sa mga layunin ng Diyos para sa iyong buhay.

Ano man ang kalagayan, magpatuloy ka sa pagkilos ng pasulong. Walang ano mang sitwasyon na papayagan ko ang pagkapagal o kawalan ng lakas ng loob na siyang maging dahilan upang ako ay bumigay sa kapagalan at tumigil. Sa halip, ako ay patuloy na kikilos pasulong sa mga plano ng Diyos at hangarin para sa akin. Nararamdaman mo rin ba ang ganito? Magkasundo tayo ngayon na ano mang kalagayan ang ating harapin sa buhay, hindi tayo titigil! Magpapatuloy tayo!

Pagal Ngunit Magpatuloy

Maraming halimbawa sa Bibliya tungkol sa ganitong uri ng determinasyon na magpatuloy sa pagsulong sa mga layunin ng Diyos. Isang nagbibigay kalakasan sa akin ay isang talata mula sa kwento ni Gideon at sa kanyang grupo ng 300 na mga kalalakihan. Ang talatang iyon na halaw sa Mga Hukom 8:4 ay *"... napapagal ngunit nagpapatuloy"* (NASB).

Si Gideon at ang kanyang grupo ng 300 ay masigasig na humahabol sa mga Midianites. Napatakbo nila ang mga ito... ngunit napagod nila ang kanilang mga sarili dahil sa ilang oras na pakikipaglaban. Maaari silang matuksong tumigil na dahil sa kapagalan. Ngunit kung sila'y tumigil, ang galaw ng labanan ay maaaring kumilos laban sa kanila. Kaya't sa halip na tumigil, nagpatuloy sila sa paghabol: *"... napapagal ngunit nagpapatuloy"* (NASB). Ang New International Version ay nagsasabing sila ay *"napapagal ngunit nagpapatuloy sa paghabol."* Nakikita mo ba ang sarili mo sa sitwasyon?

Dagdag pa dito, nakikita natin ang larawan ng determinasyon ng Tagapagligtas mula sa nakapropesiyang pananaw ni Isaiah sa 50:7b: *"Handa akong magtiis, sapagkat aking nalalaman na ako'y hindi mapapahiya."* Nakikita natin ang pagkilos ng Banal na Kasulatang ito sa buhay ni Hesus noong Siya'y patungo sa Jerusalem: *"Nang malapit na ang panahong iaakyat si Jesus sa langit, ipinasya niyang pumunta sa Jerusalem"* (Luke 9:51, NKJV). Ang lahat ng bagay patungkol sa buhay ni Jesus ay akma sa ating tema; Wag kang tumigil; magpatuloy ka.

Ang Iyong Pagpapagal ay May Kabuluhan

Magpatuloy ka sa pagsunod sa Panginoon nang may pagpupunyagi na kaya mong ibigay. *"Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, magpakatatag kayo at huwag matinag. Maging masipag kayo sa paglilingkod sa Panginoon, dahil alam ninyong hindi masasayang ang inyong paghihirap para sa kanya"* (1 Cor. 15:58). Huwag kang sumuko sa pagsunod sa Panginoon at sa Kanyang mga layunin para sa iyong buhay. Alamin mo nang may katiyakan na maging ang pinakamasamang sandali ng iyong buhay, ang ginawa mo sa pangalan ni Jesu-Cristo ay may kabuluhan. Naniniwala ka ba dito?

Magpatuloy Ka Lang

Tinamaan ka ba ng liham na ito? Kung gayon, ito ang tamang panahon para magpahayag tayo ng sabay tungkol sa ating hangarin na kumilos ng pasulong sa kabila ng mga balakid sa ating daan. Handa ka bang manalangin nang kasabay ko?

Herald of His Coming is sent free to those who wish to read it. As names and addresses of Christians are mailed to us we mail them the Herald regularly or send a sample copy inviting them to become a regular reader. Readers who desire to contribute to the Herald ministries may send donations to the main office in the United States or to one of the local offices listed on page 10, the Herald International page. Readers who have not contributed or do not respond in some way within a one year period may be dropped from the mailing list. We need to know that you want to continue to read *Herald of His Coming*

Ang Lihim ng Buhay na Matagumpay

Ni F.J. Huegel

Ang tagumpay na hindi nagmula sa tagumpay sa Kalbaryo ay tiyak na babagsak katulad na lamang ng gulong na tinusok at tinanggalan ng hangin. *"Ngunit salamat sa Diyos, na nagbibigay sa atin ng katagumpayan sa pamamagitan ng ating Panginoon Jesu-Cristo"* (1 Cor. 15:57). Ang tagumpay ay katulad ng isang regalo at kapatawaran. Ipinataw ng Diyos sa Kanya hindi lamang ang ating mga kasalanan kundi pati na ang ating makasalanang katangian upang ito ay mapatid na. Namatay ang lumang nilalang at naisisilang ang bagong nilalang (Galacia 2:20). Hindi lamang tinubos ng Diyos ang konsensiya sa pamamagitan ng pagtubos na ginawa ng Kanyang Anak, kundi napawalang bisa din maging ang pamamahala ni Satanas, ang pinagmumulan ng kasalanan at konsensiya (Heb 2:14). Hindi lamang ang pagkakasundo sa pamamagitan ng dugo ng Krus-- sapagkat ang Diyos ay na kay Kristo na ipinagkakasundo ang sanlibutan sa Kanya-- kundi iginupo din nito ang buong sistema ng kasamaan na pangkalahatang tinutukoy ng Banal na Kasulatan noong sinabi nitong "ang kasalukuyang masamang sanlibutan." Tinukoy ni Pablo ang sanlibutan bilang isang ipinakong bagay-- *"Ipinako ang sanlibutan sa akin, at Ako sa sanlibutan"* (Gal. 6:14).

Hindi nakipaglaban ang Kristiyano tungkol sa isang posibleng tagumpay. Higit pa siya sa manlulupig sapagkat ang kanyang buhay ay dumadaloy mula sa matagumpay na kamatayan at pagkabuhay na muli ng Panginoong Jesu-Cristo. *"At binuhay tayong sama-sama, at pinaupo tayong sama-sama sa makalangit na lugar"* (Efeso 2:6). Dito makikita ang sekreto ng isang matagumpay na Kristiyanong pamumuhay. *"Ito ang tagumpay na gumupo sa sanlibutan, maging sa ating pananampalataya"* (1 Juan 5:4). Ito ang potensyal na katagumpayan, dahil sa tinanggap mo si Kristo bilang iyong Tagapagligtas. Kailangan mo lang madiskubre ang lahat ng yaman ng espirituwal na kayamanan (hindi maipaliwanag na kayamanan) na laan sa iyo kay Kristo. Ang lahat ng bagay ay nasa sa iyo sapagkat ikaw ay na kay Kristo. Siya ay hindi lamang ang iyong kabanalan kundi siya rin ang iyong katuwiran. *"Katulad ng pagtanggap mo kay Kristo Hesus na Panginoon, lumakad ka din kasama Niya: nag-ugat at itinayo sa Kanya, at itinatag sa pananampalataya, katulad ng pagtuturo sa iyo, nag-uumapaw sa pasasalamat"* (Col. 2:6-7)

Ang Mga Suliranin ng Sarili

Ang pagiging higit pa sa manlulupig sa sanlibutang ito-- isang daigdig kung saan lahat ng kulay at kategorya ng tukso ay humahagupit sa mananampalataya sa bawat sandali-- ay isang nakamamangha, tila napakaimposible, na hindi nakakapagtaka na maging sa mga Kristiyano ang malakas na pagdududa at pagmamaliit ay nagaganap patungkol dito.

(Sundan sa pahina 3)

PAUNAWA

KUNG MAGPAPADALA PO KAYO NG KALOOB UKOL DITO SA GAWAIN NG PANGINOON, MANGYARI PO LAMANG NA ISULAT SA MONEY ORDER SA PANGALAN NG TAGALOG HERALD INT'L. POSTAL MONEY ORDER

TAGALOG HERALD INT'L
C/O SIS ZENAIDA A. SARMIENTO
65 SANTIAGO CIRCLE GATE 2
ST. ANTHONY SUBV. TAYTAY RIZAL 1920
MARAMING SALAMAT PO

...Buhay na Matagumpay

(Mula sa pahina 2)

Ang nagdadala ng mga pagdududa ay hindi mga higanteng tukso na nanggagaling sa labas-- ang sanlibutan at ang nakahahalinang mga tukso ng kasalanan. Hindi. Bagkus dala ito ng mga napakarami at samu't saring mga kaaway sa loob na kailangang harapin. Ito ang sariling laman. Ito ang mismong sarili. Ito ang sariling kapalaluan.

O, kung hindi lang sa awa sa sarili na nasa loob! Kung hindi lang sa pagmamahal sa sarili, at pagtuon lang sa sarili, na katulad na asul na salamin, na nagbibigay ng maling kulay sa bawat bagay, o katulad ng *binoculars* na pinapalaki ang mga maliliit na bagay na walang halaga. Kung hindi lang dahil sa napakalakas na pag-ibig sa sarili na nagtutulak maghangad ng papuri ng tao at nagbubunga ng inggit, panibugho, takot, kapaitan, at kung ano pang mga masasamang bagay na nagdadala ng pagkatalo. Ito ang problem. Posible ba na ang isang tao ay mapalaya mula sa halimaw na walang iba kundi ang kanyang sarili na kumikilos nang hindi namamalayan sa pamamagitan ng mga tukso, at umaalipin at tumatalo sa pinakamabuting pagpupunyagi upang maabot ang mas mataas na antas ng tagumpay?

Kalayaan Mula sa Sarili

Ang sagot ay isang walang pasubali at walang alinlangang "Oo"! Tingnan natin ang tunay na dahilan. Ito ay makikita sa katotohanang ang ating Panginoong Jesu-Cristo ay hindi lamang pinasan ang ating mga kasalanan sa kanyang sariling katawan sa Puno, katulad ng sinabi ni Pedro sa kanyang Unang Liham, noong ginawa niya ang pagtubos sa Krus ng Kalbaryo; pinasan din Niya tayo sa Kanyang sarili upang sa Kanyang kamatayan tayo din ay mamatay. Napagtanto niyang ang ano mang kulang dito ay hindi makasasapat sa hinihingi ng pagkakataon. Kailangang mayroong pagbabago sa ating katangian, katulad ng pagsira ng isang bahay upang magtayo ng panibago. Dinala tayo ng ating Tagapagligtas sa libingan at tayo ay itinayo mula dito sa kapangyarihan ng pagkabuhay na muli bilang mga bagong nilalang. Hindi kayang talunin ng sarili ang sarili. Kailangan itong mamatay. Ang kakulangan dito ay hindi makakapagpababa ng kapalaluan, ng ating pagkagiliw sa sarili, ng ating inggit, ng ating pagkabalisa, ng ating mga kapaitan at mga pag-aalala. Ang katagumpayan ay nangangahulugan ng kalayaan mula sa mga pangit na sugat ng pagkaawa sa sarili at takot at pag-aalala at pag-ibig sa sarili. Ang tawag dito ni Pablo ay "ang laman."

Sa sangandaang ito, ang Roma 6 ang dakilang talata sa Bibliya na maaaring pagbatayan. Ito ang Magna Carta ng mga Kristiyano. Dito niya mababasa na siya (ang kanyang lumang sarili) ay ipinako kasama ni Kristo; dinala sa hukay upang ang lumang buhay, ang ketonging sarili, ay hindi na muling manunumbalik. Inutusan siyang ariin ang sarili na patay sa kasalanan at buhay sa Diyos, na katulad ng posisyon ni Hesus, ang kanyang Panginoon, na sa pagtingin ng Diyos, ay siya ngang tunay niyang kalagayan. Katulad nga ng nabasa natin sa Efeso 2: Kay Kristo siya ay itinayong muli at kasama Niya, nakaupo siya sa kalangitan. Ang pangunguna ni Kristo laban sa kapangyarihan ng kasamaan ay nasa kanya din. Ang lahat ng bagay ay nasa ilalim din ng kanyang paanan sapagkat nasa ilalim din ito ng paa ni Hesus. Siya ay naghahari sapagkat si Kristo rin ay naghahari. Hindi para sa sarili Niya kung bakit ang Anak ng Tao ay dumanas ng Krus at libingan at pagkatapos ay ng trono sa maluwalhating pagkabuhay na muli. Ito ay dinanas Niya bilang isang tao. Sa tao ito. *"Ikaw ay namatay na,"* ang sulat ni Pablo sa mga Taga-Colosas, *"at ang iyong buhay ay itinago kasama ni Kristo sa Diyos"* (Col. 3:3). Kung ano ang nangyari kay Kristo ay para na ring nangyari sa tao; sa mananampalataya noong siya'y pumasok sa pamamagitan ng pananampalataya.

Dapat nating linawin ang mga ito. Noong tinanggap natin itong posisyon na kung saan kasama tayong napako (dahil sa simpleng dahilan na sinabi ng Diyos na sa atin ito, nararamdaman man natin o hindi), nangyari din na ang Banal na Espiritu ang nagkaloob ng kinakailangang istrumento upang ang tagumpay ay maging isang tunay na katotohanan sa ating mga buhay. Hindi Siya kumikilos ng iba kay Kristo; kumikilos Siya sa pamamagitan ng Krus. Katulad ng madalas sabihin ni A.B. Simpson, "Siya ang banal na tagapangalaga na magdadala sa atin sa hukay." Kikilos Siya upang maging ganap ang Roma 6 at Efeso 2 at Galacia 2:20-- ang katotohanan na ang ating pagkakakilanlan kasama ni Kristo sa kamatayan at pagkabuhay na muli-- isang hindi matitinag na katotohanan sa ating karanasan, at darating tayo sa isang maluwalhating paglaya, isang matagumpay na pag-angat kung saan ang tagumpay ay mapapasa atin, hindi sa pamamagitan ng pagtutungali, kundi sa pakikilahok ni Kristo. Sa ganitong pag-akyat (nakaupo kasama ni Kristo sa kalangitan) ang mga maliliit na bagay na dating tumatalo sa atin ay magiging katulad ng mga alon na sumasalpok sa Gibraltar at walang ano mang epekto.

Pagtagumpay sa Kabiguan

Hindi ibig sabihin nito na wala nang darating na mga pagsubok ng sarili sa ating buhay. Ang sinasabing "gulong ng buhay" ay maaaring uminog ano mang sandali dahil sa hindi mapapansing atake ng kaaway. Ang ating pagkahol ay tila sa isang binabagyong dagat. May mga biglaang dilubyo at bagyo. Posible pa ring mawala tayo sa pokus sa kalagayang ito ng pag-akyat. Ang dahilan ay hindi ang ating perpektong Tagapagligtas na *"may kakayahang iwaksi tayo sa pagkahulog, at ipakilala tayo nang walang bahid ng kahinaan sa presensya ng Kanyang kaluwalhatian na tigib ng kagalakan"* (Judas 24-25), kundi tayo mismo; sapagkat, katulad ni Pedro, natatakot tayo dahil sa mga alon at inaalis natin ang ating paningin kay Hesus, kung kaya nagsisimula tayong lumubog.

Maaari rin naman tayong bumalik, at kamtin muli ang ating posisyon. Alalahanin natin na mayroon tayong tagapagtanggol sa Ama, si Jesu-Cristo na matuwid. Maaari pa rin nating hugasan ang ating mga kasuotan at gawin itong maputi sa pamamagitan ng mamahaling dugo ng Tupa. Inaasahan natin ang preskong paggawa ng Banal na Espiritu ng Krus sa bagong diskubreng kanser ng buhay para sa sarili. Ito ang Gawain ng Banal na Espiritu, ang ihayag ang kasalanan; *"Ipapakita Niya sa sanlibutan ang kasalanan"* (1 Juan 16:8). Isang dakilang kapayapaan ang lulukob sa ating pagkatao. Malaya tayong muli. Ang posisyon ng pag-akyat ay muling mapapasaatin. Muli tayo ay higit pa sa manlulupig sa pamamagitan Niya na nagmamahal sa atin.

Ito ang kahulugan ng Roma 7 sa kanyang paghibik nang may dalamhati. Tila hindi nababagay sa tatlong dakilang kabanata na siyang batayan ng paglilinis, ngunit sa katotohanan, hindi. Oo, namatay kayo katulad ng sinasabi sa Roma 6, ngunit paulit-ulit kayong mamamatay at kung hindi ito ay magiging doktrina lamang. Ang laman ay dapat na patuloy na mapako sa Krus, at magkagayon, sisigaw ka ng may tagumpay katulad ng sinasabi sa Roma 8, *"Ang batas ng Espiritu ng buhay ni Kristo Hesus ang siyang nagpalaya sa akin mula sa batas ng kasalanan at kamatayan"* (v. 2).

Ang Tugon ng Kamatayan

"Mga kapatid, nais naming malaman ninyo ang mga kapighatiang dinanas naming sa Asia. Napakabigat ng aming dinanas, anupa't akala namin ay mamamatay na kami. Para kaming hinatulan ng kamatayan. Subalit nangyari iyon upang huwag kaming manalig sa aming sarili, kundi sa Diyos na muling bumubuhay sa mga patay. Iniligtas niya kami sa malagim na kamatayan, at patuloy na ililigtas. Kami'y umaasa rin na patuloy niya kaming ililigtas" (2 Cor. 1:8-10).

Hindi ka maaaring mamuhay ng matagumpay na buhay-Kristiyano nang walang tugon ng kamatayan. Makikita mong paulit-ulit ang iyong sarili sa kalagayang walang pag-asa. Walang ibang daan palabas. Kaharap mo na ang pagkatalo. Ikinulong ka na ng diyablo. Ito ang panahon ng pag-awit. Hindi ka nagtitiwala sa mga sitwasyon sa paligid kundi sa Diyos na nagpabangon sa mga patay. Piliin mo ang Kanyang kalooban. Gawin mo itong tapat na pakikipagtransaksyon sa Diyos. Kung mayroon pa Siyang pinapagawa sa iyo; kapag hindi mo pa tapos ang layuning iniatang sa iyo ng Diyos, makararanas ka ng mga bagay na kalapit ng Krus at ng walang laman ng libingan. Ang mga puwersang kumikilos sa Krus at sa hungkag na libingan ay kumikilos sa iyo kung ikaw ay isang Kristiyano. Hayaan mong ang iyong tugon ay maging katulad ng tugon ni Pablo. Kung gagawin mo ito, makakamit mo rin ang kay Pablo: *"Ang Diyos na bumuhay sa mga patay... ang tumulong sa atin"* (2 Cor. 1:9-10).

Isang dakilang Scottish ang nagpahayag noong sinabihan siyang papatayin siya, "Ano, papatayin ako? Hindi nila ako pwedeng saktan. Namatay na ako." Ang tugon niya ang tugon ng kamatayan. Ito ang ginintuang susi ng walang hanggang kayamanan. Hayaan mong ang maging tugon mo ay kamatayan, hindi lamang sa tuwing may malaking krises ka at naghihinagpis para sa iyong buhay, ngunit sa bawat sandali ng iyong pakikipagsalamuha sa Krus ng iyong Manunubos. Gawin mong isang malinaw at tunay at walang hanggang nakapako sa iyong puso at isipan ang kaisipan na ang Diyos, sa kanyang kamangha-manghang pag-ibig, sa Kanyang banal na ekonomiya, matamis at mapagpalang hindi kayang ilarawan ng mga salita, ay nailigtas ka na mula sa kasalanan at sakit at kahihiyan at kamatayan ng lumang sanlibutan. Sinabi Niya ng walang alinlangan (Col. 3:3), *"Patay ka na, at ang iyong buhay ay itinago kasama ni Kristo sa Diyos."*

Kung tayong mga Kristiyano ay magpapatuloy lamang ng pamumuhay ayon sa konsepto ng pagkabuhay na muli, sapagkat ang bagong nilalang ay nagsimula sa pagkabuhay na muli ng Tagapagligtas, at panatilihin ang ating determinadong sagot ng kamatayan sa bawat sitwasyon; makakaranas tayo ng pagdaloy ng tagumpay na hindi pa natin napapanaginipan sa bahaging ito ng daigdig. Ito ang simpleng halimbawa na magbibigay ng paglalarawan sa prinsipyong ito, hindi katulad ng ginawa ni Pablo sa isang dakilang pag-uusig, kundi sa mga maliliit at araw araw na pagkatisod.

Ipagpalagay na natin na nasaktan ang ating damdamin. Alalahanin mo na napakaraming mga Kristiyano ang tumutungo sa mga bato, bigo dahil sa mga nakakainis na maliliit na bagay na tinatawag nating "nasaktang damdamin" kaysa sa mga malalaking krises na sumusubok sa bawat himaymay ng ating kaluluwa. Ako ay napakitaan ng kasamaan. Hindi naibigay sa akin ang posisyon na dapat ay sa akin, o ako ay tinrato nang walang pakundangan at walang katarungan. Ang sarili ko ay nasaktan. Ang mga opinyon ko at damdamin ay hindi man lamang nakunsulta. Dahil dito nagsimula akong lumubog. Natatalo ako hindi ng isang halimaw, kundi ng isa lamang langaw. Magkagayon, ito ay isa pa ring pagkatalo. Natabunan ng dumi ang espiritu na dati ay Malaya at nagagalak. Lumubog ako sa tinatawag na "sisidlan ng kaluluwa." Naging maramdamin ako. Ang daloy ng walang hanggang buhay mula sa trono at mula sa Tupa paloob at palabas ng aking buhay ay nahinto. Ang mga hakbang ko ay naging mabigat, at ang mukha ko ay nagpapakita ng malungkot, mabigat na mukha. Malinaw na ako ay natalo. Ang aking nasaktang kapalaluan ang may gawa nito. Tiningnan ko ang aking sarili at inalis ang aking paningin kay Hesus ang aking Panginoon.

Gaano kaya maging kakaiba ang lahat kung ang tugon ko ay ang tugon ng kamatayan! Agad ko dapat sasabihin na, "Ipinako nila ang aking Panginoon-- wala ito. Ito ang pagkakataon kong lumalim pa sa aking pakikipag-ugnayan sa pasakit ng aking Tagapagligtas, na ginawang sumang-ayon sa Kanyang kamatayan. Ang magiging resulta ay ang mas higit na partisipasyon sa Kanyang pagkabuhay na muli. Salamat Panginoon sa mga bagay na nakasakit. Pagpalain mo iyong mga nakasakit sa akin. Nagpapatawad ako katulad ng pagpapatawad sa akin. Lubos akong nagpapasalamat sa paalalang ito sa aking kawalang saysay. Handa akong maging walang saysay upang Ikaw ang maging lahat. Amen!

Ngayon kung ang ating tugon ay tugon ng Krus, walang ano mang makakasakit sa atin. Agad nating mababago ang lahat upang maging pagpapala. Aakyat tayo sa pamamagitan ng pagbaba. Magtatagumpay tayo sa pamamagitan ng kamatayan. Aasa tayo sa banal na Krus at mabubuhay. Ang pagsipa pabalik ay pagsipa pasulong. Ang nasaktang damdamin ay agad na mapapagaling ng kamatayan ng Tagapagligtas na isasagawa ng Banal na Espiritu, at ang daloy ng walang hanggang buhay mula sa trono ay dadaloy ng mas higit pa kaysa sa dati. Ang ating hangarin ay ang maluwalhati si Kristo; ano mang bagay ay walang halaga.

Halaw sa *Forever Triumphant* ni F.J. Huegel. Copyright 1955 ng Zondervan Publishing House. Ginamit ng may pahintulot ng Zondervan. www.zondervan.com

Ang Buhay Para sa Sarili

ni Andrew Murray

"Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad, 'Kung ibig ninumang sumunod sa akin, limutin niya ang ukol sa kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus at sumunod sa akin." (Mateo 16:24).

Sa ika-13 talata ng Mateo kabanata 16 mababasa natin na sa lugar ng Caesarea Philippi tinanong ni Hesus ang Kanyang mga alagad, *"Sino ang sinasabi ng mga tao na Anak ng Tao?"* Pagkatapos nilang tumugon, tinanong Niya sila, *"Ngunit ano naman ang sa inyo? Sino ako sa inyo?"* Sa ika-16 na talata tumugon si Simon Pedro, *"Ikaw ang Kristo, ang Anak ng buhay na Diyos."* Sa ganito tumugon si Hesus, *"Pinagpala ka, Simon anak ni Jonah, sapagkat hindi ito isiniwalat sa iyo ng tao, kundi ng Aking Ama sa langit. At sinasabi ko sa iyong ikaw si Pedro, at sa batong ito itatayo ko ang aking iglesya, at hindi ito magagapi ng tarangkahan ng impiyerno,"*

Sa talata 21 mababasa naman natin kung paano sinimulan ni Hesus na sabihan ang Kanyang mga alagad tungkol sa Kanyang nalalapit na kamatayan; at sa talata 22 kung paano siya sinaway ni Pedro: *"Hindi mangyayari, Panginoon!' ang sabi niya, 'Hindi ito kailan man mangyayari sa Iyo!' Lumingon si Hesus at sinabi kay Pedro, 'Lumayo ka sa akin Satanas! Hadlang ka sa aking landas; ang iniisip mo'y hindi sa Diyos kundi sa tao.' At sinabi ni Hesus sa Kanyang mga alagad, 'Kung ibig ninumang sumunod sa akin, limutin niya ang ukol sa kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus at sumunod sa Akin.'"*

Kadalasan naririnig natin ang tungkol sa makompromisong buhay at ang mga tanong ay dumarating: Ano ang nasa ugat nito? Ano ang dahilan at maraming mga Kristiyano ang nagbabalewala sa kanilang mga buhay sa isang teribleng paggapos ng sanlibutan sa halip na mamuhay nang may pagpapakita at mga pribelihiyo at kaluwalhatian ng isang anak ng Diyos?

Ang isa pang katanungan marahil na darating sa atin: Ano kaya ang dahilan kung bakit kapag nakakita tayo ng isang bagay na mali at nagpunyagi laban dito, hindi natin kayang pagtagumpayan ito? Ano kaya ang dahilan kung bakit ilan daang beses tayong manalangin at sumumpa, ngunit narito pa rin tayo at namumuhay ng isang masalimuot, hati-hati, at walang siglang buhay?

Sa dalawang katanungang ito ay may isang kasagutan: ang *sarili* ang siyang ugat ng lahat ng mga kapahamakan. Kung kaya, kapag may nagtanong sa akin, "Paano ko aalisin ang ganitong makompromisong uri ng buhay? Ang sagot ay hindi, "Kailangan gawin mo ito, o iyon, o ang ibang bagay." Ang sagot ay, " Isang bagong buhay mula sa itaas, ang buhay ni Kristo, ang siyang dapat na humalili sa makasariling buhay. Magkagayon lamang tayo magiging mga manlulupig."

Lagi tayong kumikilos mula loob palabas; gawin din natin ang gayon dito. Bigyan natin ng pansin ang isang salita sa teksto "sarili." Sinabi ni Hesus kay Pedro: *"Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, 'Kung ibig ninumang sumunod sa akin, limutin niya ang ukol sa kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus at sumunod sa akin.'"*

Ito ang tanda ng isang alagad. Ang sekreto ng isang Kristiyanong pamumuhay ay ang pagtanggi sa sarili at ang lahat ay magiging maayos. Isang mananampalataya si Pedro, at isang mananampalataya na tinuruan ng Banal na Espiritu. Nagbigay siya ng kasagutan na ikinatuwa ni Kristo ng husto. *"Ikaw ang Kristo, ang Anak ng buhay na Diyos."* Huwag mong isipin na hindi ito higit pa sa pangkaraniwan. Natutuhan natin ito sa ating katesismo; hindi ito nagawa ni Pedro.

(Sundan sa pahina 4)

...Buhay Para sa Sarili

(Mula sa pahina 3)

Nakita ni Kristo na ang Banal na Espiritu ng Ama ang nagtuturo sa kanya at sinabi niyang: *"Pinagpala ka, Simon anak ni Jonah."*

Ngunit pansinin kung gaano kalakas ang karnal o laman na tao na nangingibabaw kay Pedro. Ang tinutukoy ni Kristo ay ang Kanyang krus ngunit patuloy pa ring nag-iisip si Pedro tungkol sa kaluwalhatian, "ikaw ang Anak ng Diyos." Ang Krus at ang kamatayan ni Kristo ay wala sa kanyang isipan. May pagtitiwala sa sarili na sinabi niyang, "Hindi-hindi, Panginoon! Hinding-hindi mangyayari ito sa iyo. Hindi ka maaaring ipako at mamatay."

Dahil dito kinailangan siyang pagsalitaan ni Kristo: *"Lumayo ka, Satanas! Hadlang ka sa aking landas. Ang iniisip mo'y hindi sa Diyos kundi sa tao."* Sa madaling salita, nagsasalita si Pedro bilang isang karnal na tao, at hindi kung paano siya tinuruan ng Espiritu ng Diyos.

At nagpatuloy si Kristo na tila nagsasabing, "Alalahanin ninyo na hindi lamang ako ang mamamatay, kayo din. Kung nais ng isang taong maging alagad Ko, kailangang limutin niya ang kanyang sarili, at kailangan niyang pasanin ang kanyang krus at sumunod sa Akin."

Pag-ukulan natin ng pansin ang isang salita, "sarili." Sa sandaling matutuhan natin kung ano ang sarili at saka natin tunay na malalaman kung ano ang ugat ng lahat ng ating pagkabigo at magiging handa tayong lumapit kay Kristo para sa kaligtasan.

Ang Katangian ng Pansariling Buhay

Pansinin natin, una sa lahat, ang katangian nitong pansariling buhay. At pagkatapos tignan natin ang ilan sa mga gawa nito at magtanong: "Paano tayo maliligtas mula dito?"

Ang sarili ang kapangyarihan na nilikha ng Diyos at ipinagkaloob sa bawat may katalinuhang nilalang. Ang sarili ang pinakasentro ng isang nilalang.

Bakit binigyan ng Diyos ang mga anghel at tao ng sarili? Ang layunin ng sariling ito ay upang madala natin ito bilang isang walang lamang sisidlan sa harapan ng Diyos, upang lagyan Niya ito ng Kanyang buhay. Binigyan ako ng Diyos ng kapangyarihan na magkaroon ng determinasyon upang dalhin ko ang sariling ito sa Kanya araw-araw at sabihing: "O, Diyos, gumawa ka dito; iniaalay ko ito sa Iyo."

Nais ng Diyos ng isang sisidlan kung saan maaari Siyang magbuhos ng Kanyang maka-Diyos na kabuuan ng kagandahan, karunungan, at kapangyarihan. Nilikha Niya ang sanlibutan, ang araw, at ang buwan, at ang mga bituin, mga puno , at mga bulaklak, at ang damo upang ipakita ang karangyaan ng Kanyang karunungan, kagandahan, at kabutihan. Kumikilos ang mga ito nang hindi nalalaman kung ano ang kanilang ginagawa.

Nilikha ng Diyos ang mga anghel nang may isang sarili at pagpapasya, upang tingnan kung lalapit sila at boluntaryong isusuko ang kanilang mga sarili sa Kanya bilang mga sisidlan na pupunuin Niya. Ngunit alas! Hindi nila ginawa ito. May isang nasa unahan ng grupo na nagsimulang tumingin sa sarili. Inisip niya ang mga magagandang kapangyarihan na ipinagkaloob sa kaniya ng Diyos at nagsimula siyang magalak sa kanyang sarili. Nagsimula siyang mag-isip: "Kailangan bang ang isang nilalang na katulad ko ay patuloy na umasa sa Diyos?"

Itinaas niya ang kanyang sarili, nanguna ang kapalaluan upang humiwalay sa Diyos, at sa ganoong kalagayan agad siyang nagging isang diyablo sa impiyerno sa halip na isang anghel sa langit. Ang sariling isinuko sa Diyos ay isang kaluwalhatian na magpapahintulot sa Maylikha na ihayag ang Kanyang sarili sa atin. Ang sarili na tumalikod sa Diyos ang siyang pinakamadilim at apoy ng impiyerno.

Alam nating lahat ang nakapangingilabot na kuwento na naganap. Nilikha ng Diyos ang tao, at dumating si Satanas bilang isang ahas at tinukso si Eba sa kaisipang maging isang Diyos, magkaroon ng isang nakakatayong mag-isang sarili, may kaalaman sa mabuti at masama. Habang nakikipag-usap siya dito, binulungan siya ni Satanas ng mga nakalalasong mga salita at ng kapalaluan ng impiyerno. Sa gayon ang kanya mismong masamang espiritu, ang mismong lason ng impiyerno, ay lumukob sa sangkatauhan. Ang sinumpang sariling ito ang ating minana mula sa ating mga unang magulang.

Ang sariling ito ang sumira at nagdala ng pagkawasak ng sanlibutan, at ang lahat ng mga naging kasalanan, kadiliman, kasamaan, at ng kapighatian. Ang lahat ng mga magiging at darating pa sa mga hindi mabilang na panahon ng walang hanggan sa impiyerno ay walang iba kundi ang paghahari ng sarili, na naghihiwalay sa tao at nagpapatalikod sa kanya mula sa Diyos. Kung gusto nating lubos na maunawaan kung ano ang ginawa ni Kristo para sa atin, at upang maging kabahagi tayo ng lubos na kaligtasan, kailangan nating matutuhang alamin at kamuhian, at isuko ng lubos ang ating mga sinumpang sarili.

Ang mga Gawa ng Sarili

Ano ngayon ang mga gawa ng sarili? Maaari akong magbanggit ng marami, ngunit tingnan na lang natin ang mga simpleng salita na ginagamit natin-- sariling kalooban, tiwala sa sarili at pagtaas ng sarili. Sariling kalooban at pagbibigay kasiyahan sa sarili ang pinakamalaking kasalanan ng tao. Ito ang dahilan kung bakit maraming mga nangyayaring kompromiso sa sanlibutan na siyang dahilan ng pagkawasak ng marami sa atin.

Hindi maunawaan ng mga tao kung bakit hindi nila dapat bigyang-kasiyahan ang kanilang mga sarili at gawin ang kanilang sariling kalooban. Maraming mga Kristiyano ay hindi nakauunawa sa kaisipang ang isang Kristiyano ay isang tao na hindi naghahangad ng kanyang sariling kagustuhan, sa halip laging naghahangad ng kalooban ng Diyos, isang taong ang mismong espiritu ni Kristo ang nananahan. *"Ako ay naparito upang gawin ang Iyong kalooban, aking Diyos!"* Nakikita natin ang mga Kristiyanong binibigyang kasiyahan ang sarili sa libong paraan, bagama't nagsisikap maging masaya, mabuti at kapaki-pakinabang. Hindi nila alam na sa pinakaugat nito ang sariling kalooban ang nagiging dahilan upang hindi nila makamit ang biyaya. Sinabi ni Kristo kay Pedro, "Pedro, tanggihan mo ang iyong sarili." Sa halip na gawin iyon, sinabi ni Pedro, "Itatanggi ko ang aking Panginoon, hindi ang aking sarili." Hindi niya sinabi sa ganoong mga salita, ngunit sinabi sa kanya ni Kristo nang huling gabi, "Itatanggi mo Ako," at ginawa nga niya iyon. Ano ang dahilan nito? Pagbibigay-kasiyahan sa sarili. Natakot siya noong inakusahan siya ng katulong na babae na kasama siya ni Hesus. Tatlong beses niyang sinabi, "Hindi ko kilala ang taong iyan, wala akong pakialam sa Kanya." Itinanggi niya si Kristo.

Isipin mo na lang! Hindi kataka-taka na lumuha si Pedro ng mga mapapait na luha. Isang pagpapasya iyon sa pagitan ng sarili, ng pangit at isinumpang sarili, at ng kaaya-aya, pinagpalang Anak ng Diyos. At pinilit ni Pedro ang sarili. Hindi kataka-takang isipin niya: "Sa halip na tanggihan ko ang aking sarili, itinanggi ko si Hesus; ano bang pagpapasya ang ginawa ko!" Hindi katakatakang naghinagpis si Pedro.

Mga Kristiyano, tingnan niyo ang inyong mga buhay sa liwanag ng mga salita ni Hesus. Nakikita mo ba doon ang sariling kalooban at pagbibigay kasiyahan sa sarili? Alalahanin mo ito: sa bawat pagkakataon na binibigyang-kasiyahan mo ang iyong sarili, itinatanggi mo si Hesus. Isa lang sa dalawa. Kailangang Siya ang bigyan mo ng kasiyahan, at itanggi ang iyong sarili, o bibigyang kasiyahan mo ang iyong sarili at itatanggi Siya.

At sumusunod ang tiwala sa sarili, sariling sikap, pagsandal sa sariling kakayahan. Ano ang nag-udyok kay Pedro upang itanggi si Hesus? Binalaan siya ni Kristo: bakit hindi siya nakinig sa babala? *Pagtitiwala sa sarili.* Sobra ang kanyang tiwala: "Panginoon, mahal Kita. Sa loob ng tatlong taon sumunod ako sa Iyo. Handa akong makulong at mamatay." Ito ang simpleng pagtitiwala lamang sa sarili.

Kadalasan tinatanong ako ng mga tao, "Bakit ako nabigo? Taimtim akong naghangad, at marubdob na nanalangin, na mabuhay sa kalooban ng Diyos." At ang sagot ko kadalasan ay, "Sa simpleng dahilan na nagtiwala ka sa iyong sarili."

Kadalasan sinasagot nila sa akin: "Hindi, hindi ko iyan ginawa; alam kong hindi ako mabuti; at alam kong handa ang Diyos na panatilihin ako sa Kanya. Ibinibigay ko ang tiwala ko kay Hesus."

Ngunit sasagot ako, "Hindi, aking kapatid, kung nagtitiwala ka sa Diyos at kay Hesus, hindi ka mabibigo. Nagtitiwala ka sa iyong sarili." Paniwalaan natin na ang dahilan ng kabiguan ng isang Kristiyanong pamumuhay ay ito lamang: Nagtiwala ako sa sinumpang buhay na ito sa halip na magtiwala kay Hesus. Nagtiwala ako sa aking sariling kalakasan sa halip na sa kalakasan ng makapangyarihang Diyos. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ni Kristo, "Ang sariling ito ay dapat na itanggi."

Gayon din naman ang *pagtataas sa sarili,* isang uri ng gawa ng sarili. A, gaano kalaking kapalaluan at inggit mayroon sa Kristiyanong sanlibutan. Gaano kalakas ang pakiramdam natin para sa sasabihin o iisipin ng ibang tao sa atin. Gaano kalakas ang pagnanasa para sa parangal ng tao at pagbibigay-kasiyahan sa tao ang mayroon tayo sa halip na pamumuhay sa presensiya ng Diyos kasama ang kaisipang: *"Ako ba ay kasiya-siya sa Kanya?"* Tinanong ni Kristo, *"Paano kayo makapaniniwala kung ang hinahangad ninyo'y parangal ng isa't-isa?"* (Juan 5:44). Ang pagtanggap ng parangal mula sa ibang tao ang nagiging hadlang para sa isang buhay nang may pananampalataya. Ang sariling ito ay nagmula sa impiyerno. Ito ang nagpahiwalay sa atin sa Diyos at ito ang isinumpang nandadaya na nagpalayo sa atin mula kay Hesus.

Ang Seryosong Palitan

Ito ang ikatlong punto. Ano ang gagawin natin upang maalis ito? Sinagot tayo ni Hesus sa ating teksto: *"Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, 'Kung ibig ninumang sumunod sa akin, limutin niya ang ukol sa kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus at sumunod sa akin."*

Pansinin ito nang mabuti—kailangan kong limutin ang aking sarili at tanggapin mismo si Hesus bilang aking buhay—kailangan kong mamili. May dalawang buhay—ang sariling buhay at ang buhay kay Kristo. Kailangan kong mamili sa dalawa. "Sumunod ka sa Akin." Sabi ng ating Panginoon, 'gawin mo Akong batas ng iyong pamumuhay, ang pamantayan ng iyong pag-uugali. Ibigay mo sa Akin ang iyong buong puso. Sumunod ka sa Akin, at aalagaan kita."

O mga kaibigan, ang seryosong pagpapalitan na nakalatag sa ating harapan ay ito: Halika't tingnan mo ang mga panganib na dala ng sarili na may kapalaluan at kasamaan, magpatirapa sa harapan ng Anak ng Diyos at sabihing, "Kinakalimutan ko ang aking sariling buhay, tinatanggap ko ang Iyong buhay bilang akin."

Ang dahilan kung bakit patuloy na nananalangin ang mga Kristiyano nang walang bunga para sa Kristiyanong pamumuhay na manahan sa kanila ay sapagkat hindi nila naisuko ang buhay na pansarili. Tinatanong mo, "Paano ko ba aalisin ang buhay na ito para sa sarili lamang?"

Alam mo ang parabula-- pag-aari ng malakas na tao ang kanyang bahay hanggang sa dumating ang isang mas malakas at pinaalis sya. Noong nawalan nang nakatira ang bahay, malinis at naayos, bumalik siya kasama ang pitong iba pang espiritu na mas masahol kaysa sa kanya (Lucas 11:21-26). Tanging ang pagdating lamang ni Kristo ang makapagpapaalis ng sarili at mapananatili ito sa labas. Ang sariling ito ay nagnanais na Manahan sa atin hanggang sa wakas.

Alalahanin ang Apostol Pablo. Nakita niya ang makalangit na pangitain, at para hindi niya itaas ang sarili, ipinadala ang tinik sa kanyang tagiliran upang mapanatili siyang mapagpakumbaba (2 Cor. 12:2-9). May malakas na hatak upang itaas ang sarili, na isa lamang karaniwan, at ito ay tunay na maaaring makapagpasuko sa kanya, ngunit iniligtas siya ni Kristo mula dito sa pamamagitan ng Kanyang tapat na pangangalaga para sa Kanyang mapagmahal na alagad. Kaya ni Jesu-Cristo, sa pamamagitan ng Kanyang makalangit na biyaya na hadlangan ang kapangyarihan ng sarili na ipilit ito o siyang magwagi. Handa si Jesu-Cristo na maging buhay ng kaluluwa. Handa Siyang turuan tayo na sumunod sa Kanya at ilaan ang ating puso at buhay para sa Kanya lamang. Siya ang dapat na maging tangi at palagiang ilaw ng ating mga kaluluwa.

Pagkatapos tutungo tayo sa sinasabi ni Apostol Pablo na: *"Hindi ako kundi si Kristo na nananahan sa akin"* (Gal. 2:20).Ang dalawang katotohanang ito ay laging magkasama. Una *"Hindi ako," at "kundi si Kristo na nananahan sa akin."*

Tingnang muli si Pedro. Sinabi sa Kanya ni Kristo, "Iwaksi mo ang iyong sarili at sumunod sa akin." Saan siya dapat sumunod? Pinangunahan pa rin siya ni Hesus bagama't siya'y nabigo. Saan siya dinala ni Hesus? Dinala siya sa Gethsemane, at doon nabigo si Pedro. Natulog siya samantalang dapat siya ay gising, nagbabantay at nananalangin. Dinala siya sa Kalbaryo, sa lugar kung saan Siya ipinagkanulo ni Pedro. Ito ba ang pangunguna ni Kristo? Purihin ang Diyos, sapagkat iyon nga. Hindi pa dumating ang banal na Espiritu sa Kanyang kapangyarihan. Isang taong may tiwala sa laman ni Pedro. Handa naman ang kanyang espiritu ngunit hindi niya nagapi ang kanyang makasalanang katangian.

Ano ang ginawa ni Kristo? Pinangunahan niya si Pedro hanggang sa siya ay mabasag at maibaba sa pinakamababa at sa kailaliman ng kanyang siphayo. Dinala siya ni Hesus lagpas pa sa libingan, patungo sa pagkabuhay na muli, hanggang sa Pentecost. Pagkatapos ay dumating ang Banal na Espiritu dumating si Kristo sa Kanyang banal na buhay. At dito lang, "Nananahan si Kristo sa akin."

May isang paraan lamang upang mailigtas mula sa buhay na ito na pansarili lamang. Kailangan nating sundin si Kristo, ilaan ang ating mga puso para sa Kanya, makinig sa Kanyang mga pangaral, isuko ang sarili sa panalangin araw-araw upang maging Siya ang lahat sa atin. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Kristo ang pagsuko sa sarili ay magiging isang pinagpala, at walang hanggang katotohanan. Hindi kailanman kahit isang oras lamang magagawa ng isang Kristiyano na marating ang antas kung saan masasabi niyang, "Wala akong sarili na isusuko." Hindi kailan man darating ang sandali kung saan masasabi nating. "Hindi ko na kailangang isuko ang aking sarili."

Hindi, ang pagsasamang ito sa Krus ni Kristo ay walang humpay na pagtanggi sa sarili sa bawat oras at bawat sandali sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Walang lugar na matatagpuan tayo kung saan may lubos na kaligtasan mula sa kapangyarihan ng makasalanang sarili. Kailangan nating mapako kasama ni Kristo Hesus. Kailangan nating mamuhay para sa Kanya katulad ng mga taong nabinyagan sa Kanyang kamatayan. Isipin mo ito! Walang makasalanang sarili *si Kristo, ngunit may sarili siya at ang sarili* Niya ay isinuko niya sa kamatayan. Sa Gethsemane sinabi Niyang, "Ama, hindi ayon sa Aking kalooban." Ang walang kasalanang sariling iyon ay isinuko Niya sa kamatayan upang tanggaping muli mula sa hukay galing sa Diyos, nabuhay at naluwalhati. Inaasahan ba nating makarating sa langit maliban sa paraan kung paano Siya nakarating?

Isang babala! Alalahanin na si Kristo ay bumaba sa kamatayan at sa libingan, at sa libingan ng sarili, sa pagsunod kay Hesus nang lubusan, ang kaligtasan at buhay ay makakamtan.

Ibaba ang Sarili sa Harapan ng Panginoon

At ngayon, ano ang gamit ng aral na ito mula sa ating Panginoon?

Ang unang aral ay ang pagpapakumbaba ng ating mga sarili sa harapan ng Diyos. Isipin kung ano ang sariling ito para sa atin; ibilang ang bawat kasalanan na likha ng sarili, lahat ng hindi nagawa, lahat ng kabiguan, at lahat ng hindi nagbigay karangalan sa Diyos. At pagkatapos ay sabihin mo, "Panginoon, ito ako." At hayaan natin ang ating pinagpapalang Jesu-Cristo ang humawak nang lubusan sa ating mga buhay, sa pananampalatayang ang Kanyang buhay ay mapapasaatin.

Huwag mong isipin na isang madaling gawain ang pagtanggi sa sarili. Sa isang pagpupulong ng paglilinis, napakadaling gumawa ng panata, at maghandog ng isang panalangin, at gumawa ng isang kilos ng pagsuko, ngunit katulad ng pagiging seryoso ng kamatayan ni Kristo sa Kalbaryo-- ang Kanyang pagsuko sa Kanyang walang kasalanang sarili sa Diyos-- ganoon din kaseryoso ang nararapat sa pagitan natin at ng ating Diyos-- ang pagsuko ng sarili sa kamatayan. Ang kapangyarihan ng kamatayan ni Kristo ay dapat na kumikilos sa atin sa araw araw.

O, isipin mo na lang ang kaibahan ng sariling kalooban ni Pedro at ng pagsuko ni Hesus ng Kanyang kalooban sa Diyos! Anong pagkakaiba ang makikita sa pagitan ng pagtaas ng sarili ni Pedro at ng lubos na kababaang-loob ng Tupa ng Diyos, mahinahon at may mababang puso sa harapan ng Diyos at ng tao! Anong kaibahan mayroon sa pagitan ng tiwala sa sarili ni Pedro at ang lubos na pag-asam ni Hesus sa Ama noong sinabi niyang:

(Sundan sa pahina 5)

...Para sa Sarili

(Mula sa pahina 4)

"Walang akong magagawa sa sarili ko."

Tinawag tayo upang ipamuhay ang buhay ni Kristo, at mamuhay si Kristo sa atin, ngunit isang bagay ang dapat na mangyari muna: kailangang matutuhan nating kamuhian at tanggihan ang ating mga sarili. Katulad ng sinabi ni Pedro, noong itinanggi niya si Kristo, "Wala akong pakialam sa Kanya," kailangan din nating sabihing, "Wala akong pakialam sa sarili," upang si Kristo ang maging lahat lahat para sa atin.

Magpakumbaba tayo at isipin kung ano ang nagawa ng sariling ito sa atin at kung paano inalisan niya ng karangalan si Hesus. Manalangin tayo ng masidhi: "Panginoon, sa pamamagitan ng Iyong liwanag ipahayag mo ang sariling ito; nakikiusap kaming ipakita Mo ito sa amin. Buksan mo ang aming mga mata upang makita naming kung ano ang nagawa nito at ang sagabal na nilikha upang pigilan kaming sumulong." Ipanalangin natin ito ng masidhi at pagkatapos ay maghintay tayo sa Diyos hanggang makalagpas tayo sa lahat ng ating mga relihiyosong gawain, relihiyosong karanasan at mga pagpapala, hanggang maging malapit tayo sa Diyos sa isang panalanging ito: "Panginoong Diyos, ang sarili ang nagbago sa isang anghel upang maging isang diyablo at ang sarili din ang sumira sa aking mga unang magulang. Ang sarili ang nagdala sa kanila palabas sa Paraiso patungo sa kadiliman at kapighatian at ang sarili ding ito ang nagwasak sa aking buhay at dahilan ng aking bawat pagkabigo. O, ihayag mo ito sa akin."

At darating ang mapagpalang pagbabago upang ang isang tao ay maging handa at may kakayahang sabihin. "Ang ibang tao ang mamumuhay ng buhay para sa akin." Walang iba ng paraan. Itanggi ang sarili: kunin ang krus at mamatay kasama ni Hesus; sundin lamang Siya. Bigyan Niya nawa tayo ng biyaya na maunawaan, upang tanggapin at mamuhay ng isang buhay na kasama si Kristo.

Halaw sa *The Master's Indwelling* ni Andrew Murray.

Mga Dahilan ng Pagtalikod sa Diyos

ni George D. Watson

Sa buong Banal na Kasulatan makikita natin ang walang hanggang kahinaan ng tao, at maging ang pinakamagaling nang mga tao ay tinitingnan pa ring walang sariling lakas. Sinabi ni Abraham na siya ay "alikabok at alabok lamang"; sinabi ni Isaiah, "Malalanta tayong lahat na katulad ng isang dahon"; sinabi ni Job, "kinasusuklaman ko ang aking sarili"; sinabi ni Pablo, "Ako ay mas mababa pa sa pinakamababa sa lahat ng mga banal"; at sinabi ni Hesus, "Wala kang magagawa kung wala ka sa Akin."

Ang lahat ng kalakasan ay nagmumula sa Diyos at inilalagay sa kaluluwa. May mga tao sa Bibliya na walang binanggit na ano mang dungis; ngunit sa mga taong iyon nasusulat na ang lahat ng kanilang kabutihan ay ipinagkaloob. Wala silang maaaring angkinin at sabihing nagmula sa kanilang mga sarili.

Posibleng sa loob ng anim na libong taon may mga taong nabuhay kung saan ang mga puso nila'y hindi man lamang lumayo sa Diyos. Wala ring duda na marami din ang mga naligaw, mga walang kababaan ng loob o walang pagkaunawa upang makita ito o mapagsisihan. At milyong mga anak ng Diyos ang nakakaramdam ng mga pagkapabaya—bumalik sa kasamaan ng mas higit pa.

Sa ating pamumuhay ngayon na nasa kalagayang kundisyonal, walang antas ng biyaya na maaaring mawala, at ito ay sangayon sa doktrina na itinuturo sa Banal na Kasulatan, na ang isang banal ay maaaring magkaroon ng katiyakan sa kanyang kaligtasan. Sa talata sa Corinto na nagsasaad, *"Kaya't mag-ingat ang sinumang nag-aakalang siya'y nakatayo, at baka siya matisod"* (1 Cor. 10:12), ang orihinal ay nagsasabing, *"Hayaan nating siyang may katiyakang nakatayo ay mabigyan ng babala"*; hayaan mong ang nakatatandang mananampalataya na siyang may pinakatiyak na pananampalataya ay makinig upang hindi siya mahulog. *"Kaya't maging handa kayo sa lahat ng oras. Lagi ninyong idalangin"* (Luke 21:36).

Hindi Namamalayang mga Simula

Ang paglayo ng puso sa Diyos ay hindi agad namamalayan sa una. May mga mababagal na antas ng pag-agas ng biyaya, halos hindi namamalayan na mga daan ng tukso. Inirerekomenda ng diyablo ang kanyang sarili sa napakahina, tahimik na pamamaraan, at sa pamamagitan ng mga hindi nabantayang mga daan, at sa mga tila makalangit na anyo—na bago pa man namalayan ng kaluluwa, naakit na ang kanyang puso.

Ang isang maliit na espirituwal na katamaran, at ang maliit na pagbaba ng sakripisyong pansarili, ay katulad ng pagdating ng puting buhok. Ang tinutukoy dito ng Bibliya ay ang isang tao na unti-unting nagkaroon ng puting buhok at hindi man lang niya namalayan (Hos. 7:9).

Ipinagbabawal at Labag sa Batas

Ang paglayo mula sa Diyos ay kadalasang nag-uumpisa sa pagtingin sa mga bagay na ipinagbabawal. Pinapayagan ang mata na tumitig sa bagay na nakakatukso. Sa pamamagitan ng mata naaakit ang isipan sa bagay. Ito ang nagpapaningas ng mga eksaherado at labag sa batas na mga pagnanasa. Pinapahina nito ang kalooban at ang bunga ay kasalanan, talamak man o hindi. Ito ang naging kaso ni Eba na tumayo at tumitig sa ipinagbabawal na bunga samantalang pinagbawalan siya ng Diyos na huwag itong hipuin. Ito rin ang kaso ni David na tumayo sa taas ng palasyo at tumingin.

Ito ang paraan na ginamit ni Satanas kay Hesus noong inilatag niya sa paningin ni Hesus ang lahat ng kaharian sa lupa at ng nakakabulag na kagandahan nito ngunit ipinihit ni Hesus ang kanyang paningin mula sa napakagandang tanawin at itinuon Niya ito sa darating na Krus.

Ito ang pinakamabisang gamot para sa lahat ng mapanghalina at mapanuksong tanawin—ang isipin ang napakamamahaling dugo ni Hesus. Ang larawan ng Kristong nakapako ang siyang gamot para sa masamang mga larawan sa ating isipan.

Ang Pagtanggap sa Kaligtasang Labag sa Batas

Ang isa pang sanhi ng paglayo ng puso ay ang pamamahala ng sarili at pagtatangkang kayanin ang lahat sa pamamagitan ng sariling kakayahan; pagpipilit na tulungan ang Panginoon sa Kayang pag-aayos ng ating mga kaso sa panahon ng kahirapan at dalamhati. Kailangan nating maranasan ang maraming krisis pangkaluluwa.

Ang mga krisis na ito ay darating sa ating buhay pangkaugnayan sa iba, sa ating mga pagnenegosyo, sa ating mga kaugnayan sa iglesya, sa kalusugan, sa ating pagtupad ng tungkulin. Karamihan sa mga ito ay hindi natin maiiwasan. Sila ay kasama sa mga karaniwang kaganapan sa mundo, at kapag sila'y dumating, gusting gusto ng ating mga espiritu ang mabilisan at wala sa panahong mga resulta na nagiging sanhi upang tanggapin ang kahit na mga labag sa batas ng mga kalutasan; at tayo ay natutukso na isipin na nakalimutan tayo ng Diyos o kaya naman Siya ay mabagal, at kumikilos tayo sa pamamagitan ng ating sariling kakayahan.

Ito ang naging kalagayan nina Rebekah at Jacob na naisipang gumawa ng kasinungalingan at lokohin si Isaac sa pamamagitan ng balahibo ng kambing upang matiyak ang katuparan ng isang hindi mababaling pangako ng Diyos; ngunit ang pamamahalang ito sa sarili ang nagdulot ng malungkot na paghihiwalay at mga taon ng pagdadalamhati.

Ito ang kaso ni Haring Saul, na nagisip na lubhang naantala na si Samuel sa pagdating sa takdang panahon kaya't naisip niyang siya (si Saul) ay dapat nang saluhin ang pagiging pari at maghandog ng mga sakripisyo; at mula sa oras na iyon ay nagsimula na siyang lumayo mula sa Diyos.

Ito ang kaso ni Uzza, na nag-isip, noong matisod ang baka, na dapat niyang iunat ang kanyang kamay bilang pagtulong sa Panginoon sa pangangalaga sa arko.

Makasalanang Manipulasyon

Ang pakikialam ay nagdala sa pagkagapos sa maraming kaluluwa. Napakadali maging sa mga espirituwal na kalalakihan na mag-akalang kailangan nilang pamahalaan ang Gawain ng Diyos; na responsable sila sa mga dakilang pagpapanibagong-buhay kaya't nakahawak ang kanilang mga maliliit na daliri sa gripo ng kaligtasan, at kinokontrol ang dakilang apoy ayon sa limitasyon ng kanilang habas.

Ang espirituwal na kapangyarihan ay nawawala dahil sa pagtatangka na kontrolin ang espirituwal na kapangyarihan. Ang kaharian ng Diyos sa kaluluwa ay napanghihina dahil sa mga pagtatangkang pamahalaan ang kaharian. Ang pamamahala sa pamamagitan ng sarili, sa ano mang anyo, ang siyang umpisa ng paghinto ng pagpapala.

Maling Kalayaan

Ang isa pang dahilan ng pagkawala ng pagpapala ay ang pagtanggap ng mga maling kalayaan kasama ng mga inosenteng mga bagay. Maraming mga bagay na kung iyon ang titingnan ay tila natural at inosente lamang at hindi maihihiwalay sa ating lupang buhay; ngunit kapag nagpasasa na sa mga maling kalayaan, nagiging tuntungan sila para sa panloob at kadalasang panlabas na kasalanan.

Ito ay tunay na totoo sa ating buhay pampamayanan. Kailangan nating makihalubilo sa pamayanan, at may mga personal na pakikipagkaibigan, at parehong atraksyon sa isipan, at personal na mga gawi, na bahagi lamang ng ating mga kabuuang katangian, ngunit dito sa mga personal na pakikipag-ugnayan at atraksyon, kailangang mag-ingat ng husto, magkaroon ng mas matatag na determinasyon, laban sa hindi tamang pagpapalagayang-loob, at laban sa sobra-sobrang damdamin ng pakikipagkaibigan.

Tiwala sa Sarili

Isa pang uri ng pagtalikod ay ang tiwala sa sarili, o pagtiwala sa natural o nakuhang kalakasan.

Ang kaluluwang nabigyan ng pansin ng Diyos, o nagtataglay ng malakas at natural na katangian, ay kadalasang sasandal sa sarili, hangga't hindi pa ito lubusang nadidisiplina. Ito ang naging kaso ni Pedro, na sobrang nagtiwala sa kanyang kagandahang-loob kung kaya't siya ay sumumpa na hindi niya kailan man itatanggi si Kristo, bagama't ang lahat ng iba pa ay tumalikod kay Kristo.

Ang mga bagong mananampalataya sa kanilang unang pag-ibig ay gumagawa ng labis na pagtitiyak ng kabayanihan, at kadalasan, sa unang liwanag ng banal na kalagayan, iisipin ng isipan na siya ay malakas. Marami pang mga aral muna ang kakailanganin bago natin mapagtanto ang katotohanan ng pagiging kawalang saysay.

Maraming anyo ang tiwala sa sarili. Katulad ng kalawakan, iniaangkop nito ang sarili sa lahat ng mga sona at mga panahon ng buhay. Kadalasan hindi namamalayan ng mga Kristiyano na nagtitiwala na sila sa kanilang mga karanasan, sa halip na sumandal lamang sa Banal na Espiritu na Siyang gumagawa ng mga karanasan.

Binalaan ng Panginoon ang mga Hudyo na kapag pumasok na sila sa lupain ng Canaan, at nakakain at nabusog, na kailangan nilang mag-ingat, kung hindi makakalimutan nila ang Diyos (Deut. 8:10-11). Ang busog na tiyan ay may mahinang memorya; napapalibutan ito ng taba.

Itinuturo nito ng maging sa Canaan, hindi tayo dapat umasa sa ating karanasan. Kapag ginawa natin ito, mawawala din ang mga ito. Ang Kaputian ng kaluluwa ay katulad ng niyebe-- kapag sumandal tayo dito, matutunaw ito.

Sapagkat tayo ay pinagkalooban ng pagpapala, o kalakasan, o karunungan, o ilang mga tagumpay, hindi ito katiyakan na magpapatuloy ang mga kaloob na ito-- maliban na lang kung aasa tayo sa Pinagmumulan kung saan ito nanggagaling.

Pagpapalaki sa Layaw Dahil sa Labis na Kabutihan

Isang pang sanhi ng espirituwal na kahinaan ay ang pagiging sunod sa layaw dahil sa labis na kabutihan. Katulad na lamang ng milyong mga kabataan na nawasak dahil na rin sa pakunwaring kabutihan at kakulangan sa pagtatama, gayun din ang libu-libong mga Kristiyano ay nawasak sa kanilang espirituwal na buhay dahil na rin sa sobrang katanyagan at kabutihan ng tao.

Ito ay mas higit na totoo sa mga ministro kaysa sa ibang klase. Kung mayroon silang talento at tagumpay, at mabuting ebidensiya ng pagpapala, magkakaroon din sila di katagalan ng mga kaibigan. Ang mga kaibigang ito ang magpapakita ng kanilang pag-ibig, sa maayos, at hindi maayos na paraan.

Sa maraming kaso, ang mga tagapangaral ay napupuri at nakatatanggap ng mga handog, at sila ay ipinagbubunyi at ipinagdiriwang, hanggang sa ang kanilang mga pagpapala ay mawala pati na rin ang kanilang sentido komun. Natutukso silang tingnan ang kanilang mga sarili bilang mga pampublikong alagang pari; na tumanggap ng mga handog tuwing kaarawan at Pasko, at anibersaryo, at ang lahat ng hinihingi ay ipinagkakaloob; upang mapapurihan bawat sermon, o bawat panalangin; upang maanyayahan sa bawat pagtitipon at mga malakihang okasyon, hanggang sa sila ay maging malambot at madamdamin, at hindi lamang sa hindi na sila karapat-dapat na mag-akyat ng mga kaluluwa sa Diyos, bagkus, katulad na lang ng ginawa ng mahinhing si Agag kay Saul, ay nag-akay ng mga kaluluwa pababa sa impiyerno.

Maraming mga ministro, na mga anak ng mahihirap na magsasaka o manggagawa sa pabrika, na noong una silang maging mananampalataya at nagsimula silang mamuhay ng Kristiyanong pamumuhay na puno nang makalangit na hibla ang kaluluwa ay mahinahong lumakad sa magaan at mabangong daan tungo sa isang espirituwal na disyerto.

Parehong idineklara nina Pablo at Wesley ang pagtutol sa magaan na buhay na ito-- bilang sanhi ng pagkawasak ng kaluluwa.

Mabuting Pamumuhay

Halos katulad ng naunang dahilan, ang isa pang dahilan ng pagtalikod ay ang tinatawag na mabuting pamumuhay.

Walang ibang panahon sa kasaysayan na hihigit pa sa marangyang pamumuhay sa Amerika ngayon. Ang mga karaniwang tao ay may mga kagamitan sa kanilang mga bahay, at pananamit, at kasaganaan sa pagkain, at kaginhawahan, na hindi pa dinanas ng mga hari noong nagdaang mga panahon; at ang rangyang ito ng pamumuhay ay isang malaking balakid sa pagpapala.

Sa maraming kaso, nawawasak ito sapagkat ang puso ng tao ay napakadaling mahikayat sa mga bagay na marangya at madali. May masidhing damdamin para sa mga malalaking pagtitipon, malambot na mga kagamitan, magagarang damit, mga pag-aayos na konti ng tao, mamahaling sasakyan, at ang lahat ng bagay na nagbibigay pagkakataon at kaginhawahan para sa kaganapan ng senswal at pansariling kasiyahan, na siyang nagiging sanhi ng pagkawasak ng libu libong mga tao.

Bihira sa panahon ngayon na makatagpo ka ng isang Kristiyanong bayani, na makakapagtiis sa kahirapan at dakilang kasimplehan, at walang pakialam para sa malambot na mga tulong ng modernong pamumuhay.

Binalaan tayo ni Hesus laban sa mga bagay na ito—*"Kaya't maging handa kayo sa lahat ng oras. Lagi ninyong idalangin na magkaroon kayo ng kalakasan upang makaligtas sa lahat ng mangyayaring ito, at makaharap kayo sa Anak ng Tao"*-- at isiniwalat Niyang sa Kanyang Pagbabalik ang nagpapahayag na iglesya ay malulunod sa marangyang pamumuhay, at itong propesiyang ito ay nagaganap na! (Lucas 21:34-36).

"Iligtas mo ako Yahweh, sa lihim na kasalanan.
Ilayo mo ang iyong lingkod sa mapangahas na kasalanan"
(Awit 19:12-13).

Ang isa pang uri ng pagtalikod ay ang sobrang pag-aakala-- hindi alintana ng tao na ang kaluluwa ay nakatayo nang maayos dahil kasama ang Diyos kung kaya't Siya ay nagbibigay ng konsiderasyon, at dahil gumagawa ng doble ang bantay-anghel upang mapalaya ang suwail na puso. Sinabi sa iyo ni Satanas na ikaw ang paborito ng Panginoon; na mas iniisip ka Niya kaysa sa sino pa mang anak Nya; na mas bibigyan ka Niya ng konsiderasyon, bagay na hindi Niya ginagawa sa iba.

Ito ang tukso na dumating kay Solomon. Binigyan siya ng katiyakan patungkol sa kanyang tayo sa harapan ng Diyos, at sa kanyang hindi mapapantayang karunungan at kaalaman; at nilaro ni Satanas ang awit ng tukso ng pag-aakala, hanggang sa ang pinakamaalam sa mga tao ay magluksa sa alabok at umiyak, *"Napakawalang kabuluhan"* (Mangangaral 1:2).

(Sundan sa pahina 6)

Mga Dahilan...

(Mula sa pahina 5)

Ito ang tukso ng inilahad ng diyablo kay Hesus, noong hinimok niya si Hesus na magpatihulog mula sa tuktok ng templo-- na siya ay nakatagpo ng pabor sa Diyos kung kaya sasaluhin siya ng mga anghel upang hindi siya mabagok.

Ang prinsipyong ito ay maraming paggagamitan. Walang pinapaboran ang Diyos pagdating sa pagwawasto gayun din sa pagmamahal. Kung ipinapakita Niya ang kanyang pagmamahal sa pinakasumpa-sumpang nilalang sa mundo na nagsisi at nagbalik-loob, gayun din ang pagwawastong gagawin Niya sa pinakamataas na banal sa lupa-- maging si Moses na nakipag-usap nang harapan sa Kanya. Ang pag-aakala ay isang kasalanan na lumikha sa diyablo, at ito rin ang kasalanang inilahad ni Satanas sa ilang libong magkakaibang anyo upang matukso ang anak ng Diyos.

Mga bagay na Pinapayagan ng Diyos na Susukat sa Pananampalataya, Gagamitin ni Satanas Bilang Argumento para sa Pagsuway

Ang isa pang sanhi ng pagkawala ng biyaya ay ang pagtingin sa ating mga kahirapan. Maaasahan lamang na ang buhay ay puno ng kahirapan, at ang pamumuhay sa isang makasalanang mundong ito ay nagmumungkahi dito.

May mga kahirapan sa espirituwal na pamumuhay katulad ng paraan ng paghanap ng patawad o kabanalan; kahirapan sa paglago sa biyaya; kahirapan na nagmumula sa ating mga sariling kaisipan o mula sa ating minana-- sa ating kapaligiran, sa ating mababa at maling katuruan; mga hindi mabilang na mga kahirapan na umuusbong na katulad ng mga damo sa bawat bukid ng buhay; at ang pagtuon sa mga kahirapang ito ay magpapahina sa pananampalataya, magpapahina sa ating pagtitiyaga, iistorbo sa ating isipan, magpapalabo sa ating mga pananaw, at huhugot ng kaluluwa mula sa Diyos.

Pinapayagan ng ating Ama sa Langit ang Kanyang mga Anak na makaahon sa maraming panahon sa mga komplikadong sistema ng kahirapan, at gagamitin ng diyablo ang mga pangyayaring ito upang isulong ang pangangailangan ng paggawa ng kasalanan upang makapasok. Ang mismong mga bagay na pinapayagan ng Diyos na susukat sa ating pananampalataya ang siya ring ginagamit ng diyablo bilang argumento para sa ilang mga pagsuway.

Karahasan ng Espiritu

Hindi lamang iilang kaluluwa ang nawala sa biyaya at nahulog sa espirituwal na tanikala sa pamamagitan ng karahasan ng espiritu at matinding panghuhusga laban sa iba. Ang paghusga sa iba ay may kaakibat na pansariling katuwiran.

Ang paghusga sa iba ay isang patalikod na paraan ng papuri sa sarili; sa parehong sukat na iniisip natin na ibinababa natin ang iba, ganun din natin iniisip na itinataas ang ating mga sarili. Imposibleng magsalita ng masama laban sa iba nang hindi ka nagbibigay ng papuri sa sarili.

Maraming beses na ang mga kaluluwang inaangking may malakas silang espirituwalidad ay nanghusga sa kasalanan sa makasalanang paraang mas higit pa sa kasalanang hinuhusgahan. Walang nang mas mapanganib sa buong Kristiyanong pamumuhay kaysa sa panghuhusga sa iba.

Isang matandang espirituwal na manunulat ang nagwika na "ang magsaway sa kasalanan ng iba ay nagngangailangan nang kababaang loob na mas higit pa sa ano mang tungkulin." Minsan naririnig natin ang ibang taong nagsasabing "paluin ang kasalanan," at "paluin ito ng malakas"; ngunit ang ganitong Gawain, liban na lang kung ito ay napuno ng luha at pagiging malumanay, ay makakapagbigay-pasa lamang sa kaluluwa ng taong gumagawa ng pagpalo.

Posibleng mangaral nang matindi tungkol sa kasamaan ng kasalanan at may kahalong tila mungkahi ng pagtataas sa sarili na nagbibigay kasiyahan kay Satanas, at nagbibigay ng labis na dalamhati sa Banal na Espiritu.

Ilang libong tao na ang nawalan ng tamis ng purong pag-ibig at ng kapayapaang dala ng malapit na paglakad kasama ng Diyos dahil sa isang matalas na saksak ng espada, isang matalas na kritisismo, isang masakit na paghusga, isang pagkondenang walang bahid ng pagmamahal!

Ang pansariling katuwiran ay katulad ng ***ether,*** hindi namamalayan. Kumikilos ito pataas at tinatangkang igiit ang sarili sa pinakamataas na antas ng biyaya. Tutuksuhin kayo ng diyablo na maging marahas sa iba, sa ilalim ng pagkukunwari ng pagiging matapang at makabayani, at hindi natatakot na husgahan ang kasalanan.

Nakapagsanay siya ng husto sa kanyang laro kung kaya hindi na niya iniinda kung gaano mo pa man siya nahusgahan at ang lahat ng kanyang gawa-- kung magagawa lang niya kahit isang patak ng masamang suka sa iyong puso-- sapat na bayad na ito sa lahat ng mga suntok na pwede mong ibigay sa kanya.

Kawalang-Galang ng Espiritu

Ang pinakahuling sanhi ng pagtalikod, kagaanan ng espiritu. Ito kung baga ang taliwas ng pagiging marahas. May mga taong ang katangian ay hindi naman panig sa pagiging marahas. Sila ay tatalikod sa Diyos sa isang walang halaga, pagbibiro, natatawang disposisyon, na siya namang gusto ni Santanas.

Itong kawalang-galang ay kadalasang nakikita sa mga pagtitipon ng kampo at malalaking relihiyosong pagtitipon kung saan ang mga Kristiyanong may talento at talas ng isip ay nagtitipon. Ang gawin ng pagbibigay ng patudyong salita, maging ito man ay tila inosente, ay laging nakasasama sa malalim na paggalang. Nagbibigay ito ng matinding kalungkutan sa Banal na Espiritu, inililihis ang isipan sa mga bagay na banal, ginugulo ang kaluluwa sa payapang kundisyon kasama ng Diyos, at pinahihina ito sa panalangin, at sa pagiging daluyan ng Banal na Espiritu.

Daang mga kaluluwa ang pumutol sa bigkis ng pakikipag-ugnayan sa Diyos dahil sa isang biro, isang patudyong salita, o isang malakas na pagtawa, o isang magaspang at maingay na galaw. Ang pinakamasama pang kalamidad ay iilan lamang na mga Kristiyano ang tunay na malapit sa Diyos para makita ang ganitong mga bagay. Ano mang bagay na pumuputol sa rekoleksyon ng isipan patungkol sa Diyos, o nakasasagabal sa mataas, tahimik na pagdalisay ng kaluluwa, ay isang panimula para sa paglayo o pagtalikod.

Ang Lunas sa Pagtalikod sa Diyos

ni George D. Watson

Dakilang Pagpapakumbaba sa Sarili

Nabanggit ko na bilang unang lunas sa paglayo ng puso ay ang pagpapakumbaba sa sarili sa harapan ng Diyos; na ang kasamaan na kinahulugan ng kaluluwa ay kailangan harapin ng harapan at kilalanin ng walang pagkukubli o dahilan o pagtatanggol; ang sariling ito ay dapat na mapaalis sa trono; ang Diyos ang siyang mabigyan ng parangal; ang Kanyang katotohanan ay mapapurihan kapalit ng pagsira sa sarili.

Isang dakilang regalo mula sa Diyos na ang sino mang tumalikod ay mabibigyan ng biyayang magbalik-loob at mangumpisal at bumalik kay Hesus; kung hindi dahil sa banal na regalong ito na inilagay na Diyos sa puso ng bawat lumalayo, ang kaluluwa ay hindi na makakapanumbalik sa Kanya. Ang regalo ng pagsisisi ay kasing banal at isang pagbigay ng pabor ng Diyos bilang handog ng Banal na Espiritu. Kailangan ang biyaya upang makilala natin ang ating mga kamalian, upang kalabanin ang ating mga sarili, at huwag itong bigyan ng pagkakataon (Rom. 2:4).

Makipag-ayos Ka sa Diyos

Isa pang lunas ay ang determinadong pakikipag-ayos sa Diyos at sa ating kapwa ano man ang maging kapalit nito! Patungo tayo sa araw ng paghuhukom, at kailangan natin dito ng uri ng katuwiran sa ating mga kaluluwa na katulad ng araw ng paghuhukom!

Ang determinasyong ito na makipag-ayos ay maaaring mangailangan ng paghingi ng tawad sa isang maliit na bata; maaari din itong mangailangan ng pagbabayad-pinsala; maaari din itong mangailangan ng pagkawala ng kayamanan, at ang tinatawag ng sanlibutan na dangal at reputasyon; maaari din itong mangailangan ng pagkawala ng mga kaibigan; maaari ding mangailangan ng sobrang kahirapan, pagkakulong, o pagpapalayas.

Maaari din itong magdala ng paghihirap na maaaring makapagbigay ng libu-libong sugat sa puso, at malusaw ang mata sa kalungkutan; ngunit kung magdawit man ito ng lahat ng maaaring maisip ng imahinasyon, ang kawalan at sakit mismo ay walang kasing inam kaysa sa maranasan ang pagsimangot ng Diyos at ang apoy ng impiyerno!

Ang Diyos lang mismo ang nakakaalam kung sino talaga ang nagmamahal sa Kanya; Siya lamang ang makakapaghusga sa Kanyang mga nilikha. Kapag ang kaluluwa ay hindi na naghangad ng ano pa man maliban sa ngiti ng Diyos at walang ibang kinatatakutan kung hindi ang masaktan Siya, walang hindi ito gagawin o pagbabayaran upang makipag-ayos lang sa Kanya!

Tumingin sa Panginoon Para sa Kaaliwan

Kasunod nitong determinasyon na makipag-kasundo ay ang matatag, patuloy na pagtingin lamang kay Hesus para sa kaligtasan at kaginhawahan.

Hindi man lang alam ng kaluluwa kung gaano karaming paraan ito umaasa sa mga nilalang para sa kaginhawahan, hanggang sa dumating siya sa sitwasyon kung saan hindi na siya makakasumpong ng kaginhawahan sa alin mang nilalang at makikita niyang kay hesus lang magkakaroon ng kasapatan para sa lahat ng kanyang pangangailangan. Mangangailangan ito ng antas ng pagpepenitensya na halos hindi maipapahayag ng kaluluwa upang madala ito sa antas kung saan maghahangad ito ng kaligayahan mula lamang sa Diyos. Ang walang hanggang pag-ibig at awa ni Hesus ay walang hanggang nakahain sa kaluluwa ayon sa pangangailangan nito.

Ang pinakamagagandang mga pangako sa Bibliya ay iniaalok sa mga kaluluwang lumayo sa Diyos at naghahangad na manumbalik. Sinabi ng Panginoon na Siya ay "ikinasal" sa tumalikod; at kinakatawan Niya ang Kanyang Sarili na yumuyukod nang may pagluluksang puso para sa mga kaluluwang naligaw dahil sa kasalanan, sa pamamagitan ng pagsabing: "Pababayaan ba kita, Efraim?" (Hos. 11:8; basahin din ang Jeremias 3:11-15).

"Manumbalik ka Israel kay Yahweh na iyong Diyos. Ang pagbagsak mo ay bunga ng iyong kasamaan... Pagagalingin ko na sila sa kanilang kataksilan, mamahalin ko na sila nang walang katapusan... Ako'y matutulad sa hamog na magpapasariwa sa Israel... Kanyang mga sanga ay darami, gaganda siyang tulad ng puno ng olibo, at hahalimuyak gaya ng kagubatan ng Lebanon" (Hos. 14:1-6).

Kailangan ituon ng kaluluwa ang kanyang paningin sa kaligtasan at pagpapanumbalik at kaginhawahan lamang kay Hesus, ang Anak ng Diyos! Maaaring makatanggap ito ng lubos na kaaliwan, lakas at pag-asa, at tulong mula sa iglesya at mga mahal sa buhay at mga banal; ngunit hindi sya dapat mag-asam ng ano pa man, maliban kung ito'y galing sa Diyos. Ito ang pinakatiyak at pinakamaiksing daan patungo sa matibay na kaginhawahan.

Labanan ang Kawalang Pag-asa

Ang isa pang lunas ay isang matatag na determinasyon na huwag sumuko sa kawalan ng pag-asa. Gaano man kalaki ang mga pagsubok, gaano man kadilim ang langit, kailangan lubos na maunawaan ng kaluluwa na ang lahat ng kawalang pag-asa ay galing sa diyablo, at ito ay laging nakakasakit (Lucas 18:1).

Sinabi ng mang-aawit: *"Bakit ako nababahala, bakit ako nahahapis? Sa Diyos ako ay aasa at sa kanya mananalig. Muli akong magpupuri sa Diyos ko't Tagapagligtas, itong aking pagpupuri sa kanya ko ihahayag"* (Awit 43:5).

Ang kawalang pag-asa ang salungat ng pag-aakala. Kung tinukso ni Santanas ang kaluluwa sa pamamagitan ng pagbibigay-akala, pagkatapos ay binubuksan niya ang armas ng kawalang pag-asa, at inaatake ang kaluluwa, hindi lamang upang ito ay mahulog sa kasalanan, kundi may kasama pang panlaban na magpapanatili sa kasalanan.

Sa bawat kagipitan sa kaguluhan sa buhay ng Kristiyano, ang pagkakaroon ng pag-asa ay isang bukas na pinto tungo sa tagumpay. Malinaw na naaalala pa ng milyong mga banal sa langit noong sila man ay dumadaan sa kaparehong pagsubok at tukso at pagsisisi na kasalukuyang dinadanas ng mga kaluluwa ng tao, at kung makakapagsalita lamang sila sa atin, maaari silang magbigay ng mga kopya ng kanilang buhay na sa maraming aspeto ay kaparehong kapareho ng sa atin.

Kalungkutan Dahil sa Kasalanan

Ang isa pang lunas ay ang payabungin ang damdamin ng nananatiling kalungkutan dahil sa kasalanan. Mayroong dalawang uri ng kalungkutan dahil sa kasalanan: ang isa ay nagdadala ng kamatayan, at isa ay buhay. Pagkatapos maipalabas ang damdamin ng pagkakasala, ang kaliluan, dapat magkaroon ng malalim at malambot na damdamin na namamayani, nag-iisip nang may kalungkutan para sa kasalanan. Mayroong ganitong nananatiling kalungkutan si Pablo dahil sa pag-uusig na ginawa niya sa mga banal. Hindi ito nagdala sa kanya pababa, bagkus nagbigay pa ito ng pakpak para sa kanyang personal na debosyon.

Bagama't si Hesus ay walang kasalanan, dahil sa pinasan Niya ang kasalanan ng sanlibutan, namuhay Siya ng buhay na taglay ang nagpapatuloy na kalungkutan. Nahimlay ito sa kanyang puso katulad ng isang batang nahihimlay sa dibdib ng kanyang ina. Ito ay naging isang panghabang buhay, tahimik, at di pangkaraniwang daluyan ng pagmamahal, at ang parehong kalungkutang ito na nasa atin ang ating bantay upang hindi tayo maligaw at lumayo.

Ang kalungkutan para sa kasalanan bilang isang katotohan sa kaluluwa ang siyang tanging maihahalintulad sa palagiang kalungkutan na mayroon si Hesus para sa sanlibutan. Nagtataglay ito ng lumalagong pagkamuhi sa kasalanan, at lumalagong pakiramdam ng konsensya kung ano talaga ang kasalanan. Habang tinititigan natin ang nakasisilaw na kaluwalhatian ng Diyos, pinapalakas nito ang ating paningin upang mas malinaw nating makikita kung ano ang hindi perpekto at hindi karapat-dapat.

Ang nananahang kalungkutan para sa kasalanan ay hindi magbibigay ng kapanhingahan upang hindi mangibabaw ang isang buhay na pansarili lamang. Lumalago tayo sa isang banal na kalungkutan, ngunit ito ay may pagpapakumbaba at pananampalataya na hindi nito papayagan ang pagkabalisa o pag-aalala. Ang tunay na kalungkutan para sa kasalanan bilang isang naitatag na biyaya sa kaluluwa ay mas nagiging mapagmahal kaysa sa pagiging mapanghusga sa sarili. Isa itong tahimik na bukal ng pagmamahal, na kumikiling sa panalangin; bagama't ito ay kalungkutan, ito din ay isang di pangkaraniwang pagkalinga.

Ang ganitong pighati na dala ng resulta ng pagbibigay-pasakit sa Diyos ay naglalapit ng kaluluwa sa Diyos. Ito ang prinsipyong tinutukoy ni Hesus noong sinabi Niyang yaong mga pinatawad nang malaki ay nagmamahal din nang malaki (Lucas 7:36-50).

Nabubuhay ito sa bukal ng dugo ni Hesus; ito ay lumuluha ng tahimik na mga luha; niyayakap nito ang habag ng Diyos nang may di maipaliwanag na hangarin. Itong nagmamahal na kalungkutan para sa kasalanan ay nagliligtas sa kaluluwa mula sa maraming espirituwal na kapahamakan; nagpapalambot ito sa buong pagkatao; ginagawa nito tayong malalim at mapang-unawa sa mga hindi pa masyadong nahihipo ng Diyos; inaalis ang ating kagaspangan; ginagawa tayong mabait sa lahat. Ang palagiang kalungkutan dala ng kasalanan ang nagpapanatiling malambot sa ating puso, kung kaya't walang kahit na ano mang sakit o kalamidad na dinaranas ng isang miyembro ni Kristo na hindi tayo nahahabag, at tinutulungan tayong maging alerto sa mga kapahamakan ng sanlibutan, at sa mga kabutihan ng langit.

Ang Ating Kasalanan ay Isang Pagtulak Patungo sa Dakilang Pagpapakumbaba at Isang Mas Malapit na Paglakad Kasama ng Diyos

Ang isa pang lunas na hakbang ay ang matatag na determinasyon na gawing okasyon para sa mas mataas na pag-akyat sa biyaya ang mga kabiguan. Bagama't tila isang kabalintunaan (ang espirituwal na buhay ay puno ng mga kabalintunaan), kailangan nating gawin ang ating mga pagkahulog bilang mga patungang bato sa ating pag-akyat sa

(Sundan sa pahina 7)

Ang Lunas...

(Mula sa pahina 6)

mas mataas na antas ng biyaya.

Nagawa na ito sa sampung libong mga buhay. Nangyari na iyong mga dumanas nang mas masidhing pagbaba o pagkawala ng biyaya, na nakaranas na mapukaw nang husto, ay pinaikutan ang sarili ng espiritu ng pagpepenitensiya at pambayaning pananampalataya na, katulad ng ipinahayag ni Pablo, pinaghigantihan nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng paghuhubad at isang malapit na pangunyapit sa Diyos, na hindi nila maggawa kung hindi dahil sa mga kabiguan (2 Cor 7:6-11).

Ito ang pinakamainam na paraan upang maghiganti sa diyablo para sa lahat ng mga masamang hangarin at pagsira sa atin. Sa ganitong paraan nagagawa ng Diyos na ang lahat ng mga bagay sa langit, sa lupa, o sa impyerno, tagumpay man o kabiguan-- lahat ng mga bagay-- ay gumagawa para sa ating ikabubuti!

Ngunit dapat na alalahanin na ang dakilang tagumpay na ito ay sa pamamagitan lamang ng kundisyon ng kanyang lubos na kahihiyan at pagbabalik-loob sa Diyos. Tanging sa sandali lamang na ang puso ay kumilos nang may lubos na katapatan ng pagmamahal sa Diyos-- na ang Banal na Espiritu ay gagawa para sa ikabubuti (Rom. 8:28).

Hangarin nating ang bawat kasalanan, bawat mantsa, bawat pagkakamali ng ating mga buhay ay maghimok sa atin para sa mas higit na pagpapakumbaba at isang mas malapit na paglakad kasama ng Diyos! Ito ang pinakabanal na paggagamitan natin sa mga kasalanang ito.

Pagtatwa sa Sarili

Ang isa pang lunas laban sa pagtalikod sa Diyos ay ang pagtatwa sa sarili. Ito ang pinakasentro ng lahat ng esperituwal na tagumpay. Katulad na lang ng paglago ng pagpapaparaya sa sarili nang hindi natin namamalayan, *gayun din dapat na ang pagtatwa* sa sarili ang papaikot sa ating buong buhay. Ang doktrina ng pag-aayuno na kaakibat ng panalangin ay halos hindi na ginagawa. Ngunit kung ang halimbawa ng lahat ng mga santo sa Banal na Kasulatan at sa kasaysayan ng iglesya ay may kabuluhan, nakikita natin na naabot nila ang pinakamataas na antas ng espirituwal na kalakasan sa pamamagitan ng pag-aayuno, pagtatwa sa sarili, at pagtanggi sa sarili sa pisikal na mga pagnanasa, sa pangkaisipang kasiyahan, sa kaayusang pangrelasyon, at sa lahat ng mga pangmundong pagbibigay-kasiyahan.

Libu-libong mga Kristiyano ay palagiang kumakain ng higit pa, nagsasalita ng higit pa, nagbibigay-kasiyahan sa mga sariling kagustuhan, ang kanilang mga kasiyahan, sa paraang nagdudulot ng labis na kalungkutan sa Banal na Espiritu, at nagiging pundasyon para sa mas grabeng lihim na kasalanan, o hindi man sa mga mabibigat na panlabas na pagkahulog. Ang isang marangyang kaalwan at pagbibigay-layaw sa sarili ang mga lason sa buhay na lubu libong mga Kristiyano.

Sa mga nagdaang maraming taon, ang asetismo ay naging masidhi; ngunit sa panahong ito, bihira na ang makakita ng isang tunay, nagpapakita ng kabayanihang pagtanggi sa sarili. Sinabi ni Pedro na kailangan nating "armasan ang ating mga sarili ng prinsipyo ng pagtanggi sa sarili." Ang prinsipyong ito ng pagtanggi sa sarili ay kailangang maipatupad sa ating paggamit ng ating mga pakiramdam, pagbabantay sa ating mga mata, ating mga salita, ating mga pagkilos, pakikitungo sa iba, mga kasuotan-- lahat ng mga pag-aaksaya, sa ano mang direksyon, na magbibigay sa katawan o sa kaisipan ng kapangyarihan laban sa panloob na espiritu.

Kung titingnan natin ang pagtanggi sa sarili bilang isang mahirap at nakakasawang bagay, kung saan ang ating likas na katangian ay magngunguyngoy at magrereklamo, nagpapakita lamang ito na hindi pa tayo nakakapasok sa totoong pagkapako sa krus ng ating mga sarili. Kapag nakalagpas na tayo sa isang bahagi ng biyaya, ang pagtanggi sa sarili ay magiging isang lihim na kagalakan at makalangit na tamis ang dadapo dito sa higit pa sa kapayapaan at kagalakan na dulot ng sobrang pagbibigay layaw sa ating sarili. Kapag nabasag tayo sa ating pagtanggi sa sarili, hahayo tayo sa ating espirituwal na buhay!

Ang Malalim na Pagpapasya na Maging Palagiang Masipag

Ang isa pang bantay laban sa pagtalikod ay ang espirituwal na kasipagan. Maaaring wala nang hihigit pa o wala nang lalala pang bisyo sa relihiyosong buhay kundi ang espirituwal na katamaran. Isa itong laging nasa lahat ng dakong kasamaan, katulad ng isang grabitasyon ni Satanas, na nakalukob sa bawat himaymay ng ating buhay, at humihila sa lahat ng bagay patungo sa sentro ng katamarang pamamahinga.

Ang relihiyosong katamaran ang ipis ng Kristiyanong pamumuhay. Kinakain nito ang kasuotan ng espirituwal na karanasan, at kapag tinangka nating suotan ang ating mga sarili para sa tunay na pakikipaglaban, makikita na lamang natin ang ating mga kasuotan na punit-punit na, unti-unting ginutay ng ipis ng katamaran.

Gaano karaming oras ang ating sinayang dahil sa pagtulog nang sobrang gabi, ng ating pamamahinga, pagliliwaliw, walang kabuluhang pagbisita, mahaba at walang kabuluhang pakikipag-usap! Gaano karaming panahon natin ang nasayang!

Tayo ay magsisi at magbalik-loob sa Diyos, at itayo ang ating mga sarili na katulad ng isang tuod laban sa demonyo ng katamaran; bumangon tayo ng maaga at maglaan ng maraming panahon sa panalangin, sa pagbabasa ng mga espirituwal na aklat, paggawa ng mabubuting gawa; tayo ng magkaroon ng matuwid na pagkamuhi sa ano mang bagay na hindi maayos, nakalungayngay at may katangahan.

Alalahanin natin ang kasabihan ni Wesley, "Iwasang mawalan ng trabaho, at huwag ka ring maging empleyadong walang saysay." Ipinangako ni St. Alphonso na hinding-hindi siya maglulustay ng sandal. Lagi tayong makakaisip ng gagawin sa pagbabasa, o sa pagsulat, o panalangin, o pakikipag-usap nang may tiyak na espirituwal na patutunguhan, o maging sa paggawa ng lahat ng mga karaniwang Gawain sa isang espiritu ng pagmumuni-muni.

Marami ang nag-iisip na ang isang buhay ng dakilang espirituwal na kasipagan ay magiging nakakapagod, ngunit taliwas ito sa inaasahan, Kapag ang isipan ay laging abala sa mga bagay na banal o may kabuluhan, nagdadala ito ng isang kapahingahan at matamis na katahimikan sa buhay na hindi maaaring gawin ng ano pa man at nag-aalis ng kaabalahan at karahasan ng ating kaluluwa.

Hindi lamang tayo dapat maging masipag, dapat gayon din tayo sa mga espirituwal na bagay-- kung hindi mababawasan ang ating biyaya.

Pagtitiyaga

Ang matandang asal ng pagtitiyaga ay isang mabuting gamot upang mapanatili ang mga puso at hindi magpagala-gala. Isang pampalakas ng espirituwal na buhay ang pagtitiyaga, mula dito ay lalago ang ibang mga kabutihan.

Ang pagtitiyaga ang mabisang gamot para sa mga kaluluwang ang mga puso ay nakaranas ng mga pasumpung-sumpong na pagpapala. Maraming mga Kristiyano ang umaasa lamang sa ilang mga madaliang pagpapala na natanggap nila sa isang pang-krisis na panalangin, at umaasang ang pagpapalang ito ay tutulong sa kanila ng panghabang buhay, na parang isang makina. Para sa kanila ang buhay ng mga tagtuyot, na may manaka-nakang pagdaloy. Pinatay ng tagtuyot ang lahat ng kanilang pananim, at gumawa ng mga kanal. Ang mga kaluluwa bang ito kapag napagtanto ang tunay na kaisipan ng patuloy, hindi nagbabagong pagtitiyaga, ay magsisilbing isang banal na pagbaha, na dahan-dahang magdidilig sa lupa na hindi aanod sa mga binhi. Ang pagtitiyaga ay isang lunas sa panahon ng matinding kawalang pag-asa at tukso at kapanglawan (Lucas 18:1).

Ano man ang iyong kabiguan—maaaring ang lahat ng bagay sa langit at lupa ay laban sa iyo; maaaring ang iyong mga kahirapan ay tila hindi mo mapagtatagumpayan; maaaring ang iyong pagkahulog ay napakarami na maaaring makaubos ng pasensiya ng iyong mga malalapit na kaibigan, at makaubos ng kawanggawa ng mga dakilang banal; gayong ang bawat kabutihan ay tila pumanaw na sa iyong kaluluwa—subalit kung ikaw ay may pagtitiyaga, ang iyong nag-iisang disposisyon ng kalooban ay hahawakan ng makapangyarihang Diyos at hihilahin ka upang makatawid patungo sa walang hanggang tagumpay. Lagi tayong tutulungan ng Diyos, kung mayroon tayong sapat na hibla sa ating pagkatao upang makayanan ang paghila.

Nalulugod ang Diyos na gumawa ng mga bagay para sa atin na hinahangad ng ibang tao na makitang magawa. Matatagpuan mo ang libong santo sa langit na nagsabi, kasama ni Micah,

"Ngunit para sa akin, kay Yahweh ako mananalig. Hihintayin kong may pagtitiwala ang Diyos na magliligtas sa akin at ako'y kanyang diringgin. Mga kaaway ko, huwag kayong magalak dahil sa nangyari sa akin! Kung ako ma'y nadapa, muli akong babangon. Kung ano ma'y nasa kadiliman, tatanglawan ako ngayon ni Yahweh. Titiisin ko ang galit niya sapagkat nagkasala ako sa kanya. Magtitiis ako hanggang sa ipagtanggol niya ako at bigyan ng katarungan. Dadalhin niya ako sa kaliwanagan at makikita ko ang kanyang pagliligtas" (Mic. 7:7-9).

Ang pagtitiyaga ang siyang ***axletree*** kung saan ang umiikot ang buhay Kristiyano.

Malayang Pagsunod sa Diyos

Ang malayang pagsunod sa Diyos ay isa pang lunas para sa naliligaw na puso sapagkat ito'y nagpapatatag ng moral na hibla. Libu libo ang nanlamig sa kanilang espirituwal na buhay sapagkat nilimitahan nila ang kanilang pagsunod sa pamantayan ng ibang Kristiyano o sa konserbatibong opinyon ng ibang mga banal.

Hindi kailanman dinodoble ng Diyos ang espirituwal na buhay ng dalawang tao, at sino mang lalakad kasama Niya ay hihilingang magsalita at gumawa at dumanas ng mga bagay na walang katulad sa iba. Upang matiyak na hindi magkakatulad ang Kanyang mga anak, gumawa ang Diyos ng paraan upang mahiwalay at maging kakaibang indibidwal ang bawat isa; sapagkat determinado Siyang susundin Siya at hindi ang iba o ang bawat isa.

May isang larangan ng Kristiyanong pagpapayo at pagkakatulad sa pananampalataya at sa gawa; ngunit, sa loob lamang ng larangang ito, ipinag-uutos ng Banal na Espiritu na ang lahat ng mga ginawang perpekto ay susunod sa indibidwal na daan. Walang banal na sumunod sa Diyos nang lubos at ni hindi nakapagsabi at nakagawa ng mga bagay na hindi man lamang sinang-ayunan ng kahit isang tao sa mundo. Kung susundin mo talaga ng husto ang Diyos, kakailanganin mong gumawa ng mga bagay na hindi sasang-ayunan ng iyong mga malapit na kaibigan. Walang sino man sa sanlibutan ang matatagpuang sasang-ayon sa paghandog kay Isaac. Hindi pumayag ang pamilya ni Joseph sa kalapastanganan ng kanyang panaginip. Kung kinunsulta ni Pablo ang labing-isang apostoles, hindi na niya magagawa ang mga bagay na nagawa niya. Hindi sumang-ayon si Daniel sa payo ng lahat ng matanda at mahinahong pag-iisip sa kanyang pagtanggi sa karne at alak ng hari. Ang lubusang pagsunod ay dapat na Malaya, kalmado, palagian at walang takot.

Ilang libo na bang mga kaluluwa ang pinanghinaan ng pananampalataya dahil sa hindi pagsunod sa Diyos sa isang punto, malaki o maliit, dahil lamang sa hindi ito umayon sa kagustuhan ng mga kaibigang kasa-kasama nila!

Siya na gumawa ng daan sa hangin para sa lahat ng mga ibon, at isang daluyan sa lupa para sa lahat ng mga batis ng tubig, ay nag-atas ng pagsunod para sa bawat isang anak Niya; at kapag tayo ay sumuko nang may pagpapakumbaba at matiyagang panalangin at lubusang pagpapaubaya sa Banal na Espiritu, ay pangungunahan Niya tayo; at hindi Niya pangungunahan ang kaluluwa na sundin kung ano lamang ang tanging ibinibigay Niyang pagsubaybay.

Ang takot para sa pagiging panatiko ang pumipigil sa libu-libong maging malayang tagasunod. Ang ilan ay maaaring magtanong, "Paano ko malalaman na hindi lamang ako nagiging panatiko na nakakubli sa delusyon ng pagsunod?" Ngunit, sa ano mang linya ng pagsunod, gaano man ka di karaniwan ito, kapag may mapagpakumbaba kang espiritu, may matamis at mapag-alalang daloy ng pag-ibig, pagtingin na ang nais lamang ay ang kasiyahan ng Diyos at hindi ng sarili, at ang walang katapusang kawanggawa para sa iba na hindi sumusunod sa iyong halimbawa, malalaman mong pinangungunahan ka ng Diyos.

Ngunit kung sa indibidwal na panguguna maramdaman mo ang mapangahas, malupit, walang awang disposisyon--kapag naramdaman mo ang ano mang nasa loob mo na itinutulak kang magmadali, o ginagawa kang palaban sa iba, o itinutulak kang gumamit ng lakas ng iba upang gawin nila ang nais mo-- malalaman mong ito ay sa diyablo.

Imposibleng maging sobrang Malaya at mawalan ng takot-- hangga't ang kaluluwa ay napanatili sa karagatan ng mababa, malambot, walang interes na pagmamahal--mataas na antas ng pag-ibig ng Diyos at sa Kanyang Salita, at pag-ibig sa ating kapitbahay katulad ng sa sarili. (Mat. 22:36-40).

Ang Ating mga Kaisipan ang mga Arkitekto

Bilang isang lunas para sa mahina at nauupos na pagsunod, panatilihin ang isipan sa Diyos at sa mga bagay patungkol sa Kanyang kaharian (Isa 26:3-4; Awit 1:1-6)). Wala nang hihigit pa sa kaligtasan ng isang buhay-espiritu, upang mapigilan ang pagpasok ng mga masasamang bagay, maliban sa kung ang isipan ay mapanatiling nasa estado ng banal na pagmumuni-muni. Hindi magagawa ito ng karunungan sa sariling kapangyarihan lamang; ngunit kung ang espiritung bahagi ay nalulukuban ng Banal na Espiritu, ang panloob na espiritu, pinag-iisa ang sarili sa kaisipan, ay maaari niyang mapanatili sa Diyos o sa Kanyang mga katangian, o sa operasyon ng Kanyang biyaya, o sa misteryo ng Kanyang pagkakaloob, o sa mga pahayag ng Kanyang Salita.

Wala nang hihigit pa na mas mapanganib kaysa sa makasalanang paglayag ng kaisipan. Katulad na ang lahat ng mga kasalanang nakikita ay nabubuo muna sa isipan, gayon din na ang lahat ng paglago ng biyaya, lahat ng antas ng debosyon, o pagsulong ng karanasan ay dapat na magaganap muna sa kaisipang espirituwal. Ang ating mga kaisipan ay mga arkitekto, na gumagawa ng lahat ng mga maliwanag, nagniningning na mga kastilyo ng biyaya kung saan makikita natin ang ating tunay na tirahan sa kaharian ng Diyos.

Kailangan nating maging maingat na huwag masyadong mag-isip ng nakaraan. Ang tanging magagawa ng pag-iisip tungkol sa nakaraan ay ang mapalalim ang ating kababaang loob dala ng pagiging makasalanan, at ang paglawak ng ating pagpapasalamat dahil sa nakakalulang habag mula sa Panginoon.

Ngunit sa kabuuan ng Espiritu, hindi natin dapat isipin ang nakaraan hanggang sa mapanghinaan tayo ng loob, o ang magmukmok tayo dahil sa kawalan, o ang mabuhol tayo dito; kailangan nating mahiwalay mula sa lahat ng bagay sa ating nakaraan, katulad ng ibon na dapat ay nahiwalay mula sa nakaraang pugad, na kanya nang nilalagpasan, walang pakialam sa hungkag at sira-sira na nitong kalagayan dahil sa ang kanyang buong pagkatao ay nakatuon na sa maluwalhating galak na dala ng kasalukuyang tag-init (Fil. 3:1-14).

Kailangan nating makabuo ng matatag na gawi kung saan ang ating isipan ay nakatuon lamang sa mga bagay na patungkol sa Diyos. Kailangan nating isaisip si Kristo. Kailangan nating isipin ang mga katangian Niya, ng Kanyang kaugnayan sa Ama sa Langit at sa Banal na Espiritu; isipin kung ano ang ginagawa ng Diyos para sa atin; isipin ang mga anghel sa langit; isipin ang Banal na Presensiya na nasa atin (Mat. 28:18-20; Juan 14:15-17; Gawa 17:24-28).

Kailangan nating isipin ang pagdating ni Hesus, at ang mga bagay patungkol sa kanyang milenyal na kaharian; isipin ang libong mga bagay patungkol sa ating hinaharap sa makalangit na sanlibutan, hanggang sa ang buong buhay ay maging isang buo, kalmado, at matamis na pangitain ng hindi pangkaraniwang sanlibutan at hindi pangkaraniwang mga nilalang.

Ang gawing ito ng mga malalim, banal na pagmumuni-muni ay gagawa ng mga kamanghamanghang epekto sa ating mga buhay. Magbibigay ito ng mabagal, tinakal na kahinahunan sa ating mga salita at gawa; isasara nito ang ano mang bagay na malakas at maingay at mapangahas at kulang sa pasensya; gagawin nating bukas ang ating mga panloob na pakiramdam sa mga bulong ng Banal na Espiritu o sa hipo ng ating bantay na anghel.

Gagawin nitong napakadali ang manalangin ano mang oras; ilalayo tayo sa mga bagay ng sanlibutan na nakikita at mapanukso; gagawin nitong napakatotoo sa atin ng Diyos at ng langit; gagawin nitong kalmado ang ating mga itsura at maglalagay ng tamis sa ating mga ekspresyon, at ng malumanay na gawi sa mga kilos ng ating kaluluwa.

(Sundan sa pahina 8)

Ang Lunas...

(Mula sa pahina 7)

Ang ating mga kaisipan ay nakakalulang bahagi ng ating mga buhay; ano man ang ating iniisip, gayon tayo o magiging ganun tayo. Kaya't panatilihin natin ang ating mga isipan sa mga makalangit na bagay. Matulog tayo gabi-gabi na nag-iisip patungkol sa Diyos o kay Hesus, at gumising sa umaga na ang ating isipan ay puno ng kaisipan patungkol sa Diyos.

Magagawa ito, at ito ang magiging bantay natin laban sa pagpasok ng mga masasamang bagay, sapagkat maging sa pinakamasipag sa bahaging ito, mayroon pa ring mga kakulangan at dumarating pa rin ang mga mungkahing makasalanan na dinadala ng mga demonyo upang maging pang-araw araw na pagsubok, at siyang magtutulak sa atin sa panalangin. Nagpahayag ang apostol ng *"sinisira namin ang mga maling pangangatwiran... at binibihag namin ang lahat ng isipan upang matutong sumunod kay Cristo"* (2 Cor. 10:3-5).

Pinagpalang Tagapayo!
Katabing Katuwang

Ang pinakamatindi sa lahat ng mga panlunas ay ang pagpapaunlad ng mainit na pakikipag-ugnayan sa Banal na Espiritu--kilalanin ang Banal na Espiritu na nanunguna sa iyo at sa iyong buhay at sa lahat ng iyong panandalian, panlabas, at espirituwal na mga Gawain. Makipag-ugnayan sa Banal na Espiritu katulad ng pakikipag-ugnayan mo kay Hesus kung Siya ay makikita mong kasama ka. Makipag-usap sa Kanya; ipahayag ang iyong pag-ibig sa Kanya; gawin mo Siyang kasa-kasama palagi sa lahat ng bagay sa iyong buhay-mula sa maliit hanggang sa malaking mga bagay.

Hilingin mong ipakita Niya sa iyo ang Ama at ang Anak; hingin mo sa Kanyang ipakita sa iyo ang bawat Gawain, ipahayag sa iyo ang mga bagay na darating (Juan 16:13-14). Gawin mo Siyang pinakamalapit na Kaibigan; Makinig sa Kanyang tinig; asahan mong ipapadama Niya sa iyo ang pang-araw araw na kalooban ng Diyos.

Simulan mo ang isang gawi ng dagliang at walang pag-aalinlangang pagsunod sa Kanyang malumanay na pagpapadama sa iyong puso. Hayaan mong ang Banal na Espiritu ay maging isang di nakikitang karagatan ng kaliwanagan kung saan ka naliligo. Iwanan mo ang lahat ng iyong karamdaman at kalungkutan o mga luha, at lahat ng kawalang katiyakan o pagiging emosyonal at ang buhay sa Kanyang personal na kapangyarihan. Palaging maghangad ng isang mas malalim, mas malakas na pakikisalamuha sa Kanya.

Alalahanin na ang palagiang pagsulong lamang ang makakahadlang sa paglala o paglikwad ng paurong.

Pasalamatan ang isang ngiti o pagtatama mula sa Banal na Espiritu higit pa sa lahat ng papuri ng mga anghel at tao. Tanggapin ang bawat pagtatama at paghuhusga na ipinapahayag Niya sa iyong isipan; mahalin ng walang hanggan ang Kanyang mga pagsaway higit pa sa mga papuri ng iba.

Alalahanin, isang dakilang gawa ng Banal na Espiritu ang magbahagi ng buhay-Kristiyano, ang ipahayag ang banal na mga katangian sa ating espiritu, at asahan Siyang gumawa ng mga dakilang bagay patungkol dito; gagawa Siya ng mga kamangha-manghang gawa kapag tayo'y matatag na umasam sa mga ito.

Ang pag-ibig ng Diyos na ating Ama, ang biyaya ng ating Panginoong HesuCristo, at ang pakikisalamuha ng Banal na Espiritu ay sumainyo nawa. Amen

Anong Oras Na?

ni Lois J. Stucky

Sa panahong maisulat ko ito, panahon na rin ng pagtatanim sa bahagi ng Indiana kung saan nakabase ang Herald of His Coming. Kung magmamaneho ka sa kabukiran, makikita mo hanggang sa maabot ng iyong tanaw ang napakagandang nilinang na mga lupain sa magkabilang panig ng kalsada at ang ilang mga lupain ay makikitaan ng mga maliliit na pananim na pausbong pa lamang. Purihin ang Diyos para sa lupa na ginawa Niyang angkop para sa pagtatanim ng mga halaman, at para sa mga binhing ginawa Niya na angkop din para sa mga element ng lupa upang makapagpalago ng mga masaganang pananim na sa ilang panahon lamang ay siyang mangingibabaw na tanawin! Iisipin mo ang mga masisipag na magsasaka na nagtrabaho maraming araw at gabi upang maihanda at maitanim ang mga pananim sa tamang panahon. Ang panahon ay susunod at ang Diyos ang magbibigay ng karagdagan. Pagkatapos darating ang tag-ani at ang mga ektaryang pananim ay iipunin upang maging pagkain para sa tao at sa kanilang mga hayop.

"Ang lahat sa mundong ito ay may kanya-kanyang panahon, may kanya-kanyang oras" (Mangangaral 3:1). *"Iniangkop" ng Diyos "ang lahat ng bagay sa tamang kapanahunan"* (Mangangaral 3:11).

Ang napakatalino at napakagandang paraan ng pagkakasunod-sunod ng mga bagay sa Kanyang nilikhang sanlibutan upang magkaloob para sa mga pisikal na pangangailangan ng tao ay nagpapaalala kung paano Siya gumawa sa Kanyang espirituwal na kaharian. Isipin mo sandal kung nasa anong panahon na tayo kung isasaalang-alang ang walang maliw na layunin na higit pa sa pisikal na mga panahon na dumarating at umaalis bawat taon. Kailangan nating maintindihan, katulad ng mga magsasaka na naiintindihan ang kanilang lupain, kung anong espirituwal na layunin na ng Diyos ang nasa panahong ito.

Ang pagkaunawa ni Apostol Pablo sa kanyang panahon ay dala ng kanyang napakalapit na paglakad kasama ng Panginoong Hesus. Masyado siyang buhay at gising sa Panginoon at sa Kanyang mga kaparaanan kung kaya nakita niya ang maraming mga Kristiyano na tulog samantalang dapat sana ay ipinapakita nilang sila'y buhay at masigasig. Niliglig tayo ng mga salitang ito. *"dahil alam ninyong panahon na upang gumising kayo. Ang pagliligtas sa atin ay higit nang malapit ngayon kaysa noong tayo'y unang sumampalataya sa Panginoon"* (Rom 13:11). Pinakiusapan niya ang mga mananampalataya na ipakita ang kanilang mga sarili bilang isang buhay na handog sa Diyos, na kumikilos nang may kabanalan, hindi ayon sa paraan ng sanlibutan, at sumusunod sa kalooban at Salita ng Diyos. ***"Magpakatino kayo at talikuran ang pagkakasala"*** ang himok nya sa mga taga Corinto (1 Cor. 15:34). Hinangad niyang pukawin ang mga taga Efeso sa pamamagitan ng pagsulat, ***"Gumising ka, ikaw na natutulog,*** *bumangon ka mula sa libingan, at liliwanagan ka ni Cristo... mag-ingat kayo kung paano kayo namumuhay... Samantalahin ninyo ang bawat pagkakataon na kayo'y makagawa ng mabuti sapagkat punung-puno ng kasaman ang daigdig ngayon"* (Efeso 5:14-16).

Kung ang Apostol Pablo ay nagpahayag ng matinding kaseryosohan ng pananaw sa kanyang panahon, ano na kaya ang masasabi niya sa atin kung susulat siya ngayon, ngayong mas nalalapit tayo sa pagdating ng Panginoon kaysa sa kanyang henerasyon? Sinulat niya: *"...talikuran ang makamundong pamumuhay at damdaming makalaman, at upang makapamuhay tayo ngayon nang may pagpipigil, matuwid at karapat-dapat sa Diyos habang hinihintay natin ang dakilang araw na ating inaasahan. Ito ang pagbabalik ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo. Inihandog niya ang kanyang sarili upang palayain tayo sa lahat ng kasamaan at linisin tayo upang maging bayan niyang masigasig sa paggawa ng mabuti"* (Tito 2:12-14).

Ang paglalarawang ginamit ni Apostol Pablo kay Timoteo tungkol sa peligrosong panahon ng mga huling araw ay dapat magbunsod sa atin upang masigasig na tingnan ang ating mga sarili (2 Tim 3:1-9. Hindi natin alam kung gaano pa magiging malala ang sitwasyong ito, ngunit makikita na natin ang mga ito sa ating paligid ngayon at mahalagang maiwasan nating matutuhan ang mga mapanganib na mga ugaling ito sa ating buhay.

Mga kaibigan, tayong mga binigyan ng Diyos ng liwanag ay kailangang magising sa ating mga oportunidad o pagkakataon upang matulungan ang iba na maintindihan ang kahalagahan ng panahon ito at kung anong oras na! Salamat sa iyo at sa lahat na mga nakibahagi sa amin sa pamamagitan ng iyong mga handog at panalangin upang maipadala ang Salita ng Diyos sa pamamagitan ng mga mensahe sa Pahayag ng Kanyang Pagdating (Herald of His Coming) sa malayo at malapit man, inuulit muli na ang Kanyang Salita ay magiging pagmulat, nakakapagpabago ng buhay para sa lahat. Salamat! At para sa Kanyang kapakanan, tulungan tayo nawa ng Diyos upang isapuso natin ang Kanyang Salita at mamuhay ng karapat-dapat sa mataas at banal na pagtawag na mabiyayang ibinigay sa atin sa napakahalagang panahon na ito kung kalian tayo nabubuhay!

Upang ang Diyos ay Maghari sa Lahat

"At darating ang wakas, kapag naibigay na ni Cristo ang kaharian sa Diyos Ama, pagkatapos niyang malupig ang lahat ng paghahari, pamahalaan at kapangyarihan. Sapagkat si Cristo'y dapat maghari hanggang sa malupig niya at lubusang mapasuko ang kanyang mga kaaway. Ang kahuli-hulihang kaaway na kanyang lulupigin ay ang kamatayan. Ganito ang sinabi ng kasulatan, 'Ang lahat ng bagay ay lubusang ipinailalim ng Diyos sa kanyang kapangyarihan.' Ngunit sa salitang 'lahat ng bagay,' maliwanag na hindi kasama rito ang Diyos na siyang naglagay ng lahat ng bagay sa ilalim ng kapangyarihan ni Cristo. At kapag ang lahat ay nasa ilalim na ng kapangyarihan ni Cristo, ang Anak naman ang papailalim sa kapangyarihan ng Diyos na naglagay ng lahat ng bagay sa ilalim ng kapangyarihan niya. Sa gayon, lubusang maghahari ang Diyos sa lahat" (1 Cor. 15:24-28).

Ito ang pinakawakas ng matinding drama ng kasaysayan ng mundo at ng pagtubos ni Kristo. Darating ang araw na ang kaluwalhatian ng kaharian ng Diyos ay darating sa sukdulan na ni hindi natin kayang arukin ito. Ang misteryo nito ay napakalalim na hindi natin ito matatanto.

Ito ang ginagawa ni Kristo. Ito ang dahilan ng Kanyang Gawain ngayon sa ating buhay. Ito ang iniisip Niyang makabuluhan para ibuhos Niya ang Kanyang dugo. Ito ang hinahangad ng Kanyang puso para sa bawat isa sa atin. Ito ang pinakakahulugan at kaluwalhatian ng Kristiyanismo, "upang ang Diyos ang maghari sa lahat."

Kung ito ang nasa puso ni Kristo, kung ito ang nagpapahayag ng tanging katapusan ng gawa ni Kristo at kung ito ang dahilan para magkaroon ng Espiritu ni Kristo sa buhay ko, dapat ang prinsipyo ng buhay ko ay ganito: Ang bawat bagay ay dapat na mapailalim at mapasakop sa kanya, *"upang ang Diyos ang maghari sa lahat."*

Anong tagumpay ito kung ang iglesya ay nakikipaglaban na taglay ang bandilang ito na nakawagayway sa itaas! Ano kayang buhay mayroon tayo kung ito nga ang bandilang nakawagayway sa ating buhay! Ang paglingkuran ang Diyos ng lubos, buong-buo, natatangi, at pagharin Siya sa lahat! Gaano'kaya nito padadakilain, palalawakin, at pasisiglahin ang ating buong pagkatao!

Ako ay gumagawa, nakikipaglaban, upang ang araw ng kaluwalhatian ay mapabilis kung saan *"ang Diyos ang maghahari sa lahat."* Nawa'y maunawaan natin ang koneksyon nito sa isang napakadakilang adhikain na ating pinagpupunyagian at ipinapanalangin. Kung sana mayroon tayong kaisipan kung anong uri ng kaharian tayo kabilang, at kung anong pagpapahayag ng Diyos ang pinaghahandaan natin. Mga Kristiyano, kung sana gigisingin natin ang ating mga sarili upang maniwala na tayo ay kabilang sa kaharian na inihahanda ni Kristo na ihahandog Niya sa Ama upang ang Diyos ang maghari sa lahat, gaano kaya mapupuno ng kaluwalhatian ang ating mga puso at itataboy nito ang lahat ng bagay na masama, mababa at makamundo! Paano kaya tayo mapapaanod kasama ng pinagpalang pananampalatayang ito!

Nabubuhay ako dito: na nawa'y magkaroon ng kaharian si Kristo na maihahatid sa Ama. Nabubuhay ako para sa Kanya at ako ay naroroon pagdating ng panahon hindi lamang bilang isang patotoo kundi may bahagi ako sa lahat ng ito.

Dalhin natin ang kaisipang ito sa ating mga tahanan upang manguna ito sa ating mga buhay. Ito ang nag-iisang kaisipan, pananampalataya, hangarin at kagalakan: Nabuhay si Kristo, namatay at naghahari. Nabubuhay ako at mamamatay at sa Kanyang kapangyarihan maghahari ako para lang sa isang bagay, *"upang ang Diyos ang maghari sa lahat."*

Hayaan nating lukuban nito an gating buong puso at buhay. Paano natin gagawin ito?

Una sa lahat: Hayaan mong ang Diyos ang Manahan sa iyong puso at buhay. Hayaan mong ang Diyos ang maging lahat lahat sa bawat araw mula umaga hanggang gabi. Ang Diyos ang maghahari at ako ay susunod. "Una ang Diyos at ako ang pangalawa." Ang Diyos ang lahat lahat at ako ay wala. Sinabi ni Pablo, *"...nagpagal ako nang higit kaysa sinuman sa kanila, subalit hindi ito dahil sa sarili kong kakayahan kundi dahil sa kagandahang-loob ng Diyos na nasa akin"* (1 Cor. 15:9-10). Pilitin nating ibigay sa Diyos ang Kanyang lugar—simulan natin sa ating *closet,* sa ating papuri at sa ating panalangin.

Ikalawa, matutuhang tanggapin ang kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay! Matuto kang magsabi nang walang palya sa bawat pagsubok, "Ama ko ang nagpadala nito. Tinatanggap koi to bilang Kanyang tagapaghatid ng mensahe," at walang ano man sa lupa at impyerno ang maaaring makapaghiwalay sa iyo mula sa Diyos.

Ikatlo, magtiwala sa Kanyang kapangyarihan. Mahal kong mga kaibigan, ang "Diyos ang kumikilos sa iyo upang iyong naisin at isagawa ang kanyang kalooban." Ang "Diyos ng kapayapaan," ayon sa isang talata. *"Nawa'y ipagkaloob niya sa iyo ang lahat ng kailangan ninyo upang maisagawa ang kanyang kalooban, at sa pamamagitan ni Jesu-Cristo ay gawin niya sa atin ang nakalulugod sa kanya."*

Nagrereklamo ka ng kahinaan at ng kahungkagan. Hindi bale. Iyan ang dahilan kaya ka nilikha-upang maging walang laman na sisidlan kung saan mailalagay ng Diyos ang Kanyang kabuuan at lakas. Matagal na panahon pagkatapos maging apostol o alagad ni Pablo na kinailangan ng Panginoong Hesus na magtungo upang turuan siyang magsabi, "Hindi ko ito alam dati ngunit mula ngayon titingnan ko bilang isang kaluwalhatian ang aking mga karamdaman; sapagkat sa aking kahinaan, ako ay malakas."

Talaga bang hinahangad mo ang Diyos na maging lahat lahat para sa iyo? Matuto kang maluwalhati sa iyong kahinaan. Maglaan ng panahon na sabihin araw araw habang yumuyukod ka sa harapan ng Diyos, "Ang makapangyarihang Diyos na kumikilos sa araw, buwan, mga bituin at mga bulaklak ay kumikilos din sa akin. Kailangan ko lang lumuhod at tumahimik. Kailangan kong maging mapagpasakop at sumuko sa Kanyang kalooban. Kailangan kong maging mapagtiwala at hayaan ang Diyos na gawin sa akin ang ano mang bagay na Kanyang naisin."

Hayaan mong gawin ng Diyos ang nais Niya sa iyo at gagawin Niya ito ng buong kalakasan. Ang pinakamatinding katahimikan ay kadalasang nagiging inspirasyon para sa pinakamataas na pagkilos. Nakita na ito sa karanasan ng maraming banal ng Diyos at ito nga ang karanasang kailangan natin—na sa katahimikan ng pagsuko at pananampalataya maihahayag ang pagkilos ng Diyos.

Ikaapat, ialay ang lahat para sa Kanyang kaharian at kaluwalhatian. *"Upang ang Diyos ang maghari sa lahat."* Ito ay napakamarangal, maluwalhati, banal na adhikain kung kaya't sinabi ni Kristo, "Para dito ibibigay Ko ang Aking buhay. Para dito ibibigay Ko ang lahat sa akin, maging hanggang sa kamatayan sa krus. Para dito ibibigay ko ang Aking Sarili."

Kung ganito kahalaga ito kay Kristo, hindi ba dapat mas mahalaga ito sa iyo? Kung may isang nagtanong kay Hesus Nazareno, "Para saan ba at Ikaw ay nagkaroon ng katawan? Ano ang pinakamataas na gamit ng katawan?" Maaaring tumugon siya ng, "Ang gamit at luwalhat ng Aking katawan ay ang maibigay ito bilang isang alay sa Diyos. Iyan ang lahat." Ano ang kabuluhan ng pagkakaroon ng isipan? Ano ang kabuluhan ng pera? Ano ang kabuluhan ng pagkakaroon ng mga anak? Iyan ay upang maibigay ko sila sa Diyos. Ang Diyos ang dapat na maghari sa lahat.

Dalangin ko na bigyan tayo ng Diyos ng isang pananaw sa Kanyang kaharian at Kanyang kaluwalhatian na ang ibang mga bagay ay maaaring mawala. At kung may sampung libong buhay ka sasabihin mo, "Ito ang kagandahan at kabuluhan ng buhay 'upang ang Diyos ang maghari sa lahat,' at upang mapatunayan ko sa mga tao na ang Diyos ang higit sa lahat, na ang buhay ay may kabuluhan lamang kung ito ay ibinibigay sa Diyos upang kanyang punan."

Ialay natin ang lahat para sa Kanyang kaharian at kaluwalhatian. Simulan mong mabuhay araw araw sa panalangin, "Aking Diyos, ako ay sa Iyo. Maging ikaw ang lahat sa akin."

At **panghuli,** kung ang Diyos ang magiging lahat lahat, patuloy kang maghintay sa Kanya buong araw. Maghintay ka sa Diyos para sa patnubay, at ang Diyos, kapag naghintay ka sa Kanya, ay pangungunahan ka patungo sa bagong kapangyarihan para sa Kanyang Gawain, tungo sa bagong kagalakan ng Kanyang pakikiisa. Gagabayan Ka niya upang magkaroon ka ng mas mataas na pagtitiwala sa Kanya. Ihahanda ka Niya upang umasa pa sa mga bagong bagay mula sa Kanya.

Mga minamahal, walang nakakaalam kung ano pa ang gagawin ng Diyos para sa isang tao na nagtitiwala sa Kanya. Purihin ang Kanyang pangalan! Hayaan nating sabihin ng bawat isa, "Nawa ang aking buhay ay ang mabuhay at mamatay, gumawa at manalangin nang walang humpay para sa iisang bagay: na sa akin at sa paligid ko at sa iglesya; na sa buong mundo "ang Diyos ang maghari sa lahat."

Halaw mula sa *The Master's Indwelling* ni Andrew Murray.

Ipanalangin mo ang Herald International. Pasalamatan ang Panginoon kasama namin para sa Gawain na ginagawa ng mga editor at kapwa manggagawa ng ibang wika na edisyon ng Herald para sa kaharian ng Diyos. Ipanalangin na nawa maranasan nila ang mga katotohanang nakasulat sa mga artikulo sa itaas, kasama na ang mas malalim na pakikiisa sa Panginoon at mas malawak na pagpapakita ng Kanyang kapangyarihan sa kanila at sa pamamagitan ng kanilang mga buhay at gawain.

Pakiusap na patuloy din nating itaas sa panalangin si Evangeline Spurgeon habang siya ay nagpapagaling mula sa malalang pagpalya ng puso. Ipanalangin ang pagbabalik ng kanyang kalusugan at ng kakayahan niyang makasama ang kanyang asawang si D.S. Spurgeon sa iba't ibang aspeto ng Gawain ng Panginoon na ipinagkatiwala sa kanila.